

ANG KADUSTAAN PARA SA KAPAKANAN NG SALITA



Salamat, kapatid na Neville. [Sinasabi ni Kapatid na Neville, "Amen."—Pat.]

Sinabi ko kay Kapatid na Neville, "Sigurado ka bang wala kang kaunting pahid ngayong umaga?"

² Nagpunta ako upang manalangin para sa mga maysakit. May ilang tao na nagkakatipon sa kung anong ating. . . nang maaga ng Linggo ng umaga. "Yung kailangan kong maabutan doon, pinapunta ko na lamang sila dito sa bahay-sambahan. At ako—noon pa ma'y naniniwala na ako na mas mabuti na manalangin para sa mga maysakit sa bahay-sambahan. Ewan ko. Gustong-gusto ko ang bahay-sambahan, at ang magpunta dito kung saan ang kongregasyon, ang mga tao dito'y nananalangin.

³ At may isang batang babae doon sa likuran, ang pinakamagandang batang babae, aba, sa palagay ko'y nakaupo siya sa kung saan dito ngayon, kung hindi nagsiuwi 'yung mga tao. Oh, nakita ko na ngayon. At iyon ang pinakamagandang munting bagay. At malubha ang kanyang sakit. At nakikinig kami noon, nang marinig naming ipahayag ang mensahe sa iba't ibang wika at pagpapaliwanag. At nakikinig kami, at inisip namin na napag-unawa namin na may bagay na sinabi tungkol sa isang batang babae. At naghihintay kami noon upang tingnan kung nagbigay nga ng mensahe ang Panginooon, kung ano ang sasabihin doon. Ngunit sa palagay ko'y mabuti na ang munting batang iyon, at gagaling na. At kaya. . .

⁴ At may isang babae na nawalan ng kanyang paningin, din, at noo'y nananalangin kami para sa kanya. At may isang lalaki sa isang ambulansiya doon, na isang ministro. Hindi ko matantiya kung tumitimbang ang naturang lalaki ng tatlumpu't limang libra, o apatnapu. Sadyang—talagang lubhang, lubhang. . . At kaya nagpunta ako para ipanalangin sila.

⁵ At ang dahilan kaya para bang atubili ako, nang labis, ay nahulog ang isang pasta sa ngipin ko. At sumisipol ako sa sarili ko, ngayong umaga, doon sa lugar ng natanggal sa ngipin ko roon, sa harapan doon. At sinasabi nila sa akin ngayon na kailangan kong ipakutkot ang mga iyon, at palagyan ng pasak ang mga iyon. At kaya itong katandaan ay sadyang gumagapang na, iyon lang ang tanging alam ko. At mayroon akong pasta sa isang iyon, at para bang nakalahati ito, at kapag nagsimula na akong magsalita, mararamdaman mo ito, tila ba tumutulak palabas ang hangin, kayo—alam ninyo kung ano ang ibig kong

sabihin, palabas ng mga labi mo. At ginagawa ka nitong para bang nauutal, parang ganun.

⁶ Tayo nga'y talagang mga ma-pribilehiyong tao na maging buhay ngayong umaga, at makapunta sa bahay-sambahan. At sa gabing ito ng Pasko, naghihintay para sa pagdiriwang na mayroon sila, na, ako—ako'y umaasang ako. . . Napakaraming mga bata dito ngayong umaga, kaya tatahimik lamang ako. Kita n'yo? At tayong matatanda, minsan, nagsasalita tayo ng mga bagay na ni hindi dapat marinig ng mga bata, alam n'yo na.

⁷ Ngunit, sa palagay ko'y may munting regalo ang iglesya para dito sa maliliit na mga bata, maya-maya. Tinitingnan ko iyon kani-kanina lang, doon sa likod. Oh, gugustuhin n'yong manatili. Pagkatapos ng Sunday school, maghintay lamang kayo, kita n'yo, dahil ako—sa palagay ko'y may ilang munting regalo sila doon sa likod para sa maliliit na mga bata, na ipamimigay ngayong umaga. At kapag ako. . . Kayong munting mga bata, tandaan, habang ginagawa natin ito, gusto ko itong linawin, na hindi ito si Santa Claus, dahil isang kuwento iyon na balang araw ay malalaman ninyong walang anumang doon. Kundi mula ito kay Jesus Cristo, ang Katotohanan ng lahat ng mga katotohanan, nakita n'yo, ang Anak ng Diyos. At ibinibigay namin sa inyo ang munting regalang ito, ngayong umaga, sapagkat ito'y pagpapabatid sa inyo na minsan ay ipinagkaloob ng Diyos ang pinakadakilang regalo na maaaring maibigay sa sangkatauhan: ang Kanyang Anak. At di-sapat na pamamaraan ang mayroon tayo, sa pagpapakita nito. At wala tayong anumang maibibigay na maikukumpara doon. Ngunit bilang mga mortal lamang, sa isa't isa, ay ginagawa natin iyan.

⁸ Ngayon, maghihintay pa sana ako hanggang sa susunod na Linggo. At gagawin ko nga marahil, kahit papaano, sa isang bagay na nais kong sabihin. At isang bagay ang—ang naipabatid sa amin, doon sa bahay, tungkol sa isang pangitain, na dapat kong ganap na sundin iyon. At ito'y para bang isang. . . Ito'y para bang, tila ba, magiging medyo magaspang, ngunit hindi natin kailanman nais isipin na magaspang ang sinasabi ng Diyos. Ang Kanyang—Kanyang mga pasaning ibinibigay ay magaan.

⁹ At sa susunod na Linggo na, kung loloobin ng Diyos, magkakaroon tayo ng isang—isang gawain dito bago mag-Bisperas ng Bagong Taon, kung malugod ang Panginoon sa atin na magdaos ng gawaing ito. At nais nating magkaroon ng isang pang-umagang gawain, pananalangin para sa mga maysakit, at marahil isang gawaing pagbabautismo. Saka naisip ko, na ianunsiyo ito sa ating mga kaibigan, para makadalo sila. Kung gayo'y magkakaroon tayo ng Linggo ng umaga at Linggo ng gabi. At pagkatapos kung nais pang manatili ng mga tao para sa Bagong Taon, kung gayo'y mayroon tayong isang. . . Magsasagawa ba ng Pagbabantay, sa pagkakataong ito? [Sinasabi ni Kapatid na Neville, "Oo."—Pat.]

¹⁰ Magkakaroon ng ilang mga ministro dito, na magsasalita sa gabi ng Bagong Taon, tuluy-tuloy hanggang hatinggabi. At—at inaanyayahan namin ang gayong mga ministro na pumunta at magsalita. Kung loloobin ng Panginoon, nais kong maging isa sa kanila na may bagay na sasabihin sa gabi ng Bagong Taon.

¹¹ At pagkatapos sa susunod na Linggo, naisip ko na maglahad ng isang hanay ng mga bagay na isinasagawa, na naisagawa na, ipakita kung paanong kinakaugnay ng Diyos ang Kanyang mga hinirang, at dalhin ito mismo sa isang—isang kasukdulan dito sa iglesya.

¹² At marami sa inyo ang nagtataka tungkol dito sa suliranin patungkol sa buwis sa kita na pinagdaraan natin. Naayos na ito. At kaya gusto kong sabihin sa inyo kung paano rin iyon nangyari. At sa palagay ko, ito'y magiging, na kailangan na sabihin itong muli, sa susunod na Linggo, kaya maghihintay na lamang ako hanggang sa susunod na Linggo. At sisikaping mangusap sa inyo ng kaunti, ngayong umaga, mula sa Salita. Kita n'yo? At sa susunod na Linggo, aking—sisikapin na, kung loloobin ng Diyos, na sabihin sa inyo kung paano ito lahat nangyari, at ihatid sa inyo ang bawat isa sa mga bagay na sinabi ng Diyos, at masdan itong lumapat nang sadyang eksakto sa lugar nito, sadyang nailagay nang eksakto sa lugar. Kita n'yo? Hindi Siya nagsasabi ng anumang bagay na mali.

¹³ Ngunit, ngayon, isang bagay ang nais kong sabihin ngayong umaga, na hindi ko marahil, hindi magagawa sa susunod na Linggo, ay may kaugnayan sa isang bagay na nangyari kahapon. Medyo atubili ako sa pagpunta ngayong umaga, dahil ako'y talagang para bang naliligalig, kung kaya't ako—hindi ko talaga gaanong gusto. Subalit dahil sa naririto na ako, buweno, sisikapin ko ang buong makakaya ko.

¹⁴ Noong isang gabi bago nitong huli, may mga kasama ako, sina Kapatid na Lalaki't Babaeng Sothmann, na kilala na natin dito, na isa sa mga katiwala ng iglesya, at ang kanyang maybahay, ay pumunta para dalawin ang asawa ko at ako. At pinag-uusapan namin ang nalalapit na mga pagtitipon sa Phoenix at sa palibot, kung iyon ang kalooban ng Panginoon. At gising pa kami hanggang mga alas-diyes y medya, sa palagay ko, at natulog ako nang mga bandang alas-onse.

¹⁵ At sa kung anong oras ng gabi, ay nanaginip ako ng isang panaginip. At sa panaginip na ito ay nakita ko ang isang tao na ama ko daw; isang matangkad, na napakalaking lalaki, na kumakatawan lamang, sa paglalarawan na pangungusap, sa aking ama. Nakita ko ang isang babae, na hindi naman kamukha ng aking ina; ngunit, gayunman, siya daw ang aking ina. At ang lalaking ito (na siyang parang tatay ko raw, na asawa nitong babae) ay tinatrato nang marahas ang naturang babae, hanggang sa mayroon siyang isang napakalaking piraso

ng kahoy, at hahawakan niya ang babae nang *paganito* at hahampasin ito ng piraso ng kahoy na ito, at lalagpak ang babae at hahandusay. At pagkatapos—at pagkatapos, makalipas ang ilang sandali, babangon na naman siyang muli. At maglalakad-lakad ang lalaki, aamba na hahampasing muli ang babae, hahampasin na naman niya ito. At nakatayo ako noon sa di kalayuan, pinanonood iyon.

¹⁶ Sa wakas, sadyang napuno na ako dito. At napakaliit ko kumpara sa lalaking ito, na parang ang ama ko raw. Kaya nilapitan ko siya at idinuro ang daliri ko sa kanyang mukha. Sabi ko, “Huwag mo na siyang hahampasing muli.” Kita n’yo? At nang gawin ko nga, may bagay na nagsimulang maganap. Nagsimulang manginig ang aking mga bisig, at nagkaroon ako ng lubhang, malalaking maskuladong mga kalamnan. Hindi pa ako nakakita ng ganoong mga kalamnan. At basta ko na lamang sinunggaban ang lalaki sa kuwelyo, at sinabi ko, “Huwag mo na siyang hahampasing muli. Kapag ginawa mo, ako na ang dapat mong harapin kapag hinampas mo siyang muli.” At natakot sa akin ang lalaking iyon, at iniwan nang mag-isa ang babae. Nagising na ako.

¹⁷ Buweno, habang nakahiga doon, sa isang sandali lamang, siyempre, dumating ang kapaliwanagan niyon. Iyon ay, siyempre, ang babae, sa paglalarawan na pangungusap, ay ang Iglesya, na para bang ang ina. Ang ama ay ang denominasyong sumasakop sa kanya, na nagdodomina sa Iglesya, gaya ng lalaki sa asawang babae. At ito’y ang mga denominasyong ito na humahampas sa Iglesyang iyon, at ni hindi man lamang siya mahayaang tumayo sa kanyang mga paa nang ganyan. Basta, sa tuwing sisikapin Niyang bumangon o gumawa ng isang bagay, sila, ang mga tao doon, ang denominasyon ay hinahampas Siya hanggang sa mabuwal. At nangangahulugan lamang ito na magpalitaw ng ilang—ilang mga kalamnan ng pananampalataya dito upang panatilihin nakaduro ang aking daliri doon, at sinasabi, “Ako na ang haharapin mo. Kita mo?” Sapagkat may ilang mga tao doon na pag-aari ng Diyos. At ayos lamang iyon. Mga nasa. . .

¹⁸ Mga dalawang oras na kaming gising, o tatlo, sa palagay ko. At ang anak kong babae, ang isa sa kanila, na si Rebekah, na nariyan sa may likuran, nagtatrabaho siya sa Methodist Hospital sa Louisville. Ay, oh, ’yung pambaguhang uri ng pagsasanay ng nars. Ito’y “mga candy striper,” ang tawag nila sa mga iyon, o isang parang ganoon. At siya ay, siya. . . Kanilang tinawagan siya upang pumunta nang umagang iyon, at iyon ang gumising sa akin. At maaga pa iyon, at siya, kasama ang ilan pang kabataang kasamahan sa paaralan dito, sila—nagtatrabaho silang magkakasama roon, at dadalhin sila doon sa Louisville. Kailangan nilang makarating doon nang alas-diyes.

At nagtataka ang asawa ko kung bakit hindi siya makapasok sa kuwarto. Ikinandado ko kasi iyon.

¹⁹ Ngayon, nagkaroon na ako ng napakaraming mga bagay na naganap sa buhay ko, ngunit hindi pa ako nagkaroon kailanman ng anumang bagay na gaya niyon. Napunta ako sa isang tila panaginip. Hindi ko alam ang paliwanag. Hindi pa ako nagkaroon ng anumang bagay na gaya nito sa buhay ko. Ngunit, sa harapan ko, tila ba napagtanto ko na isa itong pangitain, at ako’y nasa pangitaing iyon. Subalit nakikipag-usap ako sa aking anak, na si Joseph. Na, wala naman siya sa kuwarto nang oras na iyon. Ngunit gayunman, pagkarating nito sa akin, kinakausap ko na si Joseph.

²⁰ At ako—tumingala ako. At tila ba sa hugis ng isang piramide, na naroroon sa harap ko, ay mumunting, maliliit na mga ibon, bagay na parang kalahating pulgada kahaba. At sila ay, naroon sa ituktok, sa mga sanga, mayroong isang. . . masasabing, tatlo o apat. Pagkatapos, sumunod, sa kasunod na sanga ay mayroon marahil walo o sampu. At doon sa ibaba, ay may labinlima o dalawampu.

²¹ At sila’y mga mumunting mandirigma, sapagkat bugbog ang kanilang mga balahibo, at tila ba sinusubukan nilang makipag-usap sa akin, may bagay na sinasabi. At naroon ako sa Kanluran, tila ba sa bandang Tucson, Arizona. At nakatingin sa Silangan ang mga ibon. At nakikinig akong mabuti. Sinusubukang sabihin, tila ba may sinisikap silang sabihin na bagay sa akin. At sila ay mayroong maliliit na mga balahibo, mga bugbog na lahat, at mga ganung bagay. Punong-puno sila ng galos sa pakikipaglaban. Pagkatapos, bigla-bigla, isang ibon ang nagsimulang palitan ang puwesto nung isa, na lumulundag nang *paganyan*. At sila, ang mga munting ibon ay mabilis na nagsialis, lumipad pasilangan.

²² At nang umalis na nga sila, mula roon ay dumating ang isang mas malaking ibon, na mas hawig ng mga kalapati, na may matutulis na mga pakpak. At—at—at dumating sila na isang kulumpol, at mabilis, mas mabilis pa kaysa sa naturang maliliit na mga ibon, lumipad pasilangan.

²³ At ako’y naroon pa rin sa aking. . . pinagsamang dalawang kamalayan, alam ko na nakatayo ako dito, at alam ko na nasa ibang lugar naman ako. Kita n’yo? At naisip ko, “Ngayon, pangitain ito, at dapat kong malaman kung ano ang ibig sabihin nito.”

²⁴ At hindi pa nagtatagal sa pagdaan ang ikalawang kawan ng mga ibon, tumingin ako sa Kanluran. At tila ba sa anyo ng isang piramide, parang dalawa sa magkabilang gilid, na may isa sa ituktok, ay dumating ang lima sa pinakamalalakas na Anghel na nakita ko kailanman sa buhay ko. Lubhang kamangha-manghang bilis, na hindi ko pa nakita. Ang Kanilang mga ulo

doon, at ang Kanilang matutulis na mga pakpak, ay sadyang pumapagaspas nang mabilis! At ang kapangyarihan ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat ay tumama sa akin, sa paraan na, hanggang sa buhatin ako Nito paangat mula sa lupa, buhat sa lupa, pataas.

Naririnig kong nagsasalita pa rin si Joseph.

²⁵ At ang tunog ay gaya ng lumalampas na sa hangganang tunog, na—na isang napakalakas na ugong ang umalingawngaw, doon sa may kalayuan, na pa-Timog. At noong iniangat ako. . . At may talagang kamangha-manghang bilis ng mga Anghel! At ako—halos parang nakikita ko pa Sila ngayon mismo, kita n'yo, habang—habang paparating Sila, sa *ganoong* hugis, na sadyang kumikilos nang mabilis patungo mismo sa akin.

²⁶ Ngayon, hindi nananaginip, ha. Hindi. Naroon ako mismo, na gising na gising na gaya ko ngayon. Kita n'yo?

²⁷ Ngunit heto na Itong paparating. At talagang napakabilis Nila, hanggang sa maisip ko, nang tumaas Ito. . .Narinig ko ang pagsabog na iyon, parang, o gaya ng isang pagsabog na umalingawngaw, gaya ng isang hangganang tunog. At nang maganap nga iyon, naisip ko, “Buveno, nangangahulugan marahil ito na mamamatay na ako, kita n'yo, sa isang uri ng kung anong pagsabog.” At—at ako'y sadyang. . .Habang iniisip ko ang mga bagay na iyon, naisip ko, “Hindi, hindi magiging ganon. Dahil, kung isa 'yong pagsabog, nahagip na rin sana niyon si Joseph. Dahil, naroon siya, na nagsasalita pa rin, iniisip na naroon ako. Naririnig ko siya. Hindi 'yun ito.”

²⁸ Ngayon, lahat ng ito'y nasa pangitain pa rin. Hindi ito. . . Kita n'yo? Nasa pangitain iyon.

²⁹ At pagkatapos, bigla-bigla, nang mapagtanto ko na ako'y. . . Nakapalibot Sila sa akin. Hindi ko Sila nakikita, pero dinala ako dito sa konstelasyon Nilang hugis piramide, sa loob ng konstelasyong ito ng—ng mga Anghel, na lima. At naisip ko, “Ngayon, ang anghel ng Kamatayan ay isa. Ang lima ay biyaya.” Iniisip ko iyon. Sa loob-loob ko, “Oh! Ito'y—darating na Ito kasama ng aking Mensahe. Iyon ang aking pangalawang karurukan. Paparito Sila upang ihatid sa akin ang Mensahe mula sa Panginoon.” At sumigaw ako nang buo kong lakas, sa pinakamalakas na makakaya ko, “O Jesus, ano po ang ipagagawa Mo sa akin?” At nang gawin ko nga, ito'y basta—basta na lamang lumayo sa akin.

³⁰ Ako—ako—hindi na bumuti ang pakiramdam ko, buhat noon. Kita n'yo? Ako ay, buong araw kahapon, kinailangan kong manatili sa bahay, pakiramdam ko na halos wala ako sa sarili. Hindi ko magawang linawin ang aking isip. At ang kaluwalhatian at kapangyarihan ng Panginoon! Namanhid ang kabuuan ko, nang lisanin ako Nito. Sinusubukan kong pagkiskisin ang aking mga kamay. At naisip ko, “Hindi ako

makahinga nang maayos.” At naglakad-lakad ako, at sa sahig, at paroo’t parito. Naisip ko, “Ano po kaya ang ibig sabihin nito, Panginoon? Ano po kaya ang ibig sabihin nito?” Pagkatapos, huminto ako. Sabi ko, “Panginoong Diyos, ang Iyong lingkod ay. . . Ako—hindi ko talaga maunawaan. Bakit kaya? Ano kaya iyon? Ipaalam Mo po ito, Panginoon.” Buweno, nang ang. . .

³¹ Hindi ko masabi sa inyo ang tungkol sa, kapag sinabi kong, “Kapangyarihan ng Panginoon.” Walang anumang paraan para maipaliwanag iyon. Ito’y hindi kung ano ang nararamdaman mo rito, at ang mga pagpapala. Iyon ay ang mga pagpapala ng Panginoon. Ito’y isang sagrado! Oh, naku! Ito’y—ito’y higit sa anumang bagay na makakayang isipin ng isang tao. Kita n’yo? At ito—at nililigalig ako nito, nang labis-labis. Hindi ito. . . Hindi ito isang pagpapala. Ito’y isang pagkaligalig. Natitigatig ka. Kita n’yo? Iyon nga ito. Kung magagawa lamang ninyo. . .

³² Kung may magagawa lamang akong paraan na masasabi ko sa mga tao kung ano iyon, o kung ano ito. . .kung ano ang pakiramdam ng ganoon! Ito, hindi ito parang nakaupo lamang dito, na nais magalak. Ito’y—ito’y isang bagay na bawat himaymay ninyo’y sadyang. . .Higit pa ito sa pagkatakot. Higit pa ito sa pagkasindak. Ito’y isang banal na pagpipitagan. Ng. . .Ako. . .Walang paraan upang maipaliwanag ito. Kahit, hanggang sa, ang buong likod ko, pataas-at-pababa ng gulugod ko, hanggang sa mga daliri ko, pataas-at-pababa ng aking mga paa at mga daliri ng paa, sadyang namanhid ang buong katawan ko, kita n’yo, na para bang ikaw ay—umalis ka sa mundo, sa kung saan. At—at noo’y nililisan ako nito, nang unti-unti, at sinabi ko sa—sa Panginoon, “Maaari po bang ipaalam Mo sa akin, O Diyos?”

³³ Sa palagay ko, iyon, ang pinakamalapit na dumating sa pagiging ganoon kalakas muli, ay noong ako’y nasa Zurich, Switzerland, noong panahon na ipinakita Niya sa akin ’yung Agilang Aleman na nagmamasid sa mangangabayong Ingles na nilibot ang Aprika. At sinabi Niya, “Ang lahat ay nangagkasala at hindi nangakaabot sa kaluwalhatian.”

³⁴ At umiiyak ako sa Panginoon, na tulungan ako. At ako—nais kong ibigay Niya sa akin ang kapaliwanagan, sapagkat inisip ko kung nangangahulugan kaya ito—kung nangangahulugan ito na yayaon na ako, na mapapatay ako. At kung ganun nga, ay wala akong sasabihing anuman sa pamilya ko tungkol dito. Oras ko na para Umuwi, aba, Uuwi na lamang ako, iyon na lamang ang lahat ng ito. Ngunit kung—kung iyon nga ang kahulugan nito, hindi ko gustong sabihin sa pamilya, ayaw kong malaman nila ang anumang tungkol dito. Hayaan na lamang na mangyari ito, at iyon—iyon na lamang ang lahat ng ito.

³⁵ Sabi ko, “Panginoon, tulungan Mo po ako. Ayaw kong sabihin sa pamilya ko, kung—kung Iyong. . .Ito, ito’y pagtawag

na sa akin Pauwi, buweno, ako'y—ako'y aalis na, nakita n'yo," sabi ko. At, alam ninyo, kayo'y . . .

³⁶ Sasabihin n'yo, "Buweno, bakit hindi mo inisip kung ano ang sinabi mo sa pangitain, kung ano ang sinabi ng pangitain?"

³⁷ Ngunit hindi mo na maisip ang ganoong mga bagay sa ganung pagkakataon. Ikaw . . . hindi ko magawa, gayunman. At naisip ko . . . Sadyang nabagabag ako, nabalisa. Hindi mo alam kung paano mag-iisip. Hindi ka makapag-isip.

³⁸ At sabi ko, "Makalangit na Ama, kung nangangahulugan iyon na—na kukunin ako ng isang pagsabog, buweno, hayaang malaman ko na po ngayon, upang wala akong masabing anuman tungkol dito. Itulot na ang Iyong kaluwalhatian at kapangyarihan ay lumukob muli sa akin, at itaas akong muli. O kaya, ay hayaang lumukob sa akin ang Iyong kaluwalhatian, at kung gayon ay aking—aking malalaman kung gayon na nangangahulugan ito—nangangahulugan ito ng gayon, at para mailihim ko ito." At walang nangyari.

³⁹ Kaya't pagkatapos ay sinabi ko, "Kung gayon, Panginoon, kung nangangahulugan po ito na isusugo Mo ang Iyong mga Mensahero para sa atas sa akin, kung gayo'y itulot na dumating muli ang Iyong kapangyarihan." Halos ilabas na ako Nito sa kuwarto!

⁴⁰ Bagama't, ako—nagbalik na ako sa aking sarili, na nasa kamay ko ang aking Biblia, nang sandaling iyon, kita n'yo, at hinihiling sa Diyos na tulungan ako. At nang hilingin ko nga, ay Kanyang—Kanyang ipinakita ang isang bagay sa akin sa Kasulatan, na patungkol mismo doon, naroon mismo. At naisip ko, "Maaari kayang iyan nga 'yon? Paano ko nagawa iyon?" At, oh, ako—hindi ko kayang ipaliwanag ang mga bagay na ito, mga kasama. Lampas na ito sa anumang bagay na alam ko. Kita n'yo?

⁴¹ Isang napakakakaibang babae ang asawa ko; isa sa pinakamabuti sa buong mundo. Pero, sa maikling panahon, wala akong sinabing anuman tungkol dito. Nagpatuloy ako. Alam niyang may kung anong nangyari. Kaya nang sabihin ko sa kanya, sabi niya, "Alam mo, Bill, nakikita kita at naririnig kita, sa marami sa mga bagay na iyon." Sabi, "Alam mong pinaniniwalaan kita nang buong puso ko," sabi niya. Sabi niya, "Pero talagang may kung anong bagay 'yon."

⁴² Sadyang tila ba ito ay, talagang pinangininginig ako, ang pagsabog na 'yon at 'yung mabilis na pagdating ng mga Anghel na iyon nang ganoon, lima silang magkakasama, sa isang—isang konstelasyon Nila. Tulad ng, parang katulad—katulad ng pagkakaguhit ko nung piramide dito, kita n'yo, ganoon Silang tingnan. Una, parang ito'y, tila ba . . . sa malayo, para bang kakulay Nila ang mga kalapati. At sila ay nasa—parating sila buhat sa *ganitong* dako. At sila, para bang: isa, dalawa; tatlo, apat; at pagkatapos isa doon mismo sa ituktok, kita n'yo,

kaya naging lima. At dumarating sila nang napakabilis! Walang anuman, walang mga jet, walang anumang iba pang bagay na maikukumpara *doon*.

⁴³ At sadyang nakikita ko Sila, at parang nakapatagilid ang Kanilang mga ulo. Nakatikwas palikod ang mga pakpak na iyon, nakabuong pananggalang, at heto na Silang paparating, nang paganito “Whew!” Parang *ganyan*. Bumaba lamang, at basta na lamang akong tinangay patungo dito sa piramide ng konstelasyon Nila. Nakita kong umangat ako, umangat mula sa lupa. Naisip kong marahil . . . Narinig ko, doon sa may kalayuan, ang ugong na iyon, “Whoom!” Parang isang—isang—isang eroplano kapag lumalagpas na ito sa hangganang tunog, narinig n’yo na itong naganap nang parang ganoon, na para bang isang malayong dagundong.

⁴⁴ Naisip ko, “Maaaring ang ibig nitong sabihin ngayon, kapag nilisan ako ngayon nitong pangitain, na mapapatay ako sa pamamagitan ng isang pagsabog o ganoong bagay.” Naisip ko, “Narito ako. Nakaangat ako. Ako’y . . . Sila, narito Sila sa kung saan. Ako—narito ako, sa piramideng ito ng mga Anghel dito. Ngunit, ako—hindi ko alam. Marahil kukunin na ako ng Panginoon Pauwi.”

Pagkatapos ay narinig ko si Joseph doon sa ibaba, na nagsasabi, “Daddy?”

Naisip ko, “Hindi, kung ganoon nga ito, dapat sana’y kinuha na rin siya nito.”

⁴⁵ Pagkatapos ay may Isa na nagsalita, “Ikaw . . .” Alalahanin, naghihintay ako, nag-aabang para sa isang Mensahe na noon ko pa laging inaasahang darating, isang bagay.

⁴⁶ At ’yung pangitain, noong isang araw, alam n’yo na, na nagkaroon ako kamakailan, na sinasabi sa akin ang tungkol sa kung ano ang magaganap; kung paano ako nangangaral, mula sa araw, patungo sa punto na ito. At—at pagkatapos ay sinabi Niya, “Ngayon alalahanin, ang pangalawang karurukan ay paparating pa lamang.”

Naisip ko, “Magkakaroon ng isang Mensahe.”

⁴⁷ Natatandaan n’yo pa ba ang Mensahe ko dito? Ang pagbubukas ng batong pangtakip na iyon, kung saan, yaong pitong mga tinig at mga selyo na ni hindi naisulat sa Salita ng Diyos. Natatandaan n’yo pa ba? At dinala ako nito sa loob ng piramideng iyon.

⁴⁸ At Junie Jackson, kung narito ka, ’yung panaginip na ibinigay mo sa akin hindi pa katagalan. Hindi ko iyon sasabihin ngayong umaga. Ika’y labis na . . . Lubos na napakasakdal ng Diyos. At pasensya na sa hindi ko pagbibigay sa iyo ng kapaliwanagan niyon; dahil, may nakita akong isang bagay na kumikilos.

J. T., ganoon din, kita n'yo. At ako—ako—batid ko 'yon.

At Kapatid na babaeng Collins, ganoon na ganoon din. Kita n'yo?

At anim sa mga iyon, na tumutumbok din mismo sa siya ring bagay na iyon.

⁴⁹ At saka ang pangitain na sinabi ko sa inyong lahat, mga taon na ang nakakaraan, naganap ito noong isang araw lamang. Kita n'yo? Magaganap iyon.

⁵⁰ At hayan na nga ito, nakalahad mismo, nakalahad mismo doon ang lahat ng bagay. Ito'y sadyang isang bagay na kumikilos. Hindi ko alam kung ano ito. Tulungan nawa ako ng Diyos; ang dalangin ko.

Manalangin tayo.

⁵¹ Makalangit na Ama, kami ay—kami ay mga mortal lamang, at narito kaming nakatayo ngayong umaga. At, Panginoon, isinugo Mo po ako upang pangunahan ang munting kawang ito at ang iglesyang ito. At nasa dulo na ako. Hindi ko alam kung aling daan, kung ano, kung saan, ang paparating. Ngunit batid ko ang isang bagay na ito, na, sinabi Mo po na Iyong “paglalalaki-lalakin ang lahat ng bagay sa ikabubuti” nila na umiibig sa Iyo at mga tinawag alinsunod sa Iyong layunin. Dalangin ko sa Iyo, Diyos, na ang Iyong dakilang kamay ng awa ay sumama amin.

⁵² Nalalaman naming tunay na Ikaw ang Diyos. At nalalaman namin na hindi Ka isa na nabuhay sa nakalipas na mga panahon, kundi Ikaw ay buhay pa rin ngayon. Noon pa man Ikaw ay Diyos na. Ikaw ay magiging Diyos sa tuwina. Ikaw ay Diyos na bago pa man ang panahon, at magiging Diyos Ka pa rin kapag naparam na ang panahon. Mananatili Kang Diyos.

⁵³ At nasa Iyong mga kamay kami, Panginoon. Kami po'y mga putik lamang, at Ikaw ang Tagahubog, ang Magpapalayok. Hubugin ang aming mga buhay, Panginoon, sa paraan na makakukuha ng pinakamabuting paglilingkod upang parangalan Ka. Loobin ito, Ama. Kami po'y sadyang nasa Iyong mga kamay.

⁵⁴ Wala po kaming paraan upang madala ang aming mga sarili dito, o hindi namin alam kung paano kami lalabas. Ang Panginoon, pinagkakalooban Mo kami ng buhay, at Iyo ngang. . . Ibinabalik po namin sa Iyo ang aming mga buhay, at, sa gayon, ay ibinigay Mo sa amin, bilang kapalit, ang Buhay na Walang Hanggan. Inihihinga iyon ng aming pananampalataya sa amin mismong pagkatao. At iniibig Ka po namin dahil dito, sapagkat batid namin na makikita Ka namin balang araw, at Ika'y sasa Iyong kaluwalhatian. At kami'y titingin sa Kanya. At minimithi naming marinig ang mga salitang iyon, “Mabuti mong nagawa iyon, aking mabuti at tapat na lingkod. Pumasok ka sa kagalakan ng Panginoon, na inihanda para sa iyo bago pa

man ang pagkatatag ng sanlibutan.” Hanggang sa oras na iyon, O Diyos, kapag nagkita-kita na kaming lahat, ay pangunahan Mo po kami.

Kami ay Iyong mga lingkod, at humihingi po kami ng kapatawaran sa aming mga kasalanan.

⁵⁵ Ang mga makapangyarihang pangitaing ito, Panginoon, ay labis-labis para sa Iyong lingkod. Hindi ko alam kung ano ang gagawin. Ako—alam ko lamang na dumarating ang mga ito. At masasabi ko lamang kung ano ang aking nakita, at kung ano ang sinabi. At kung minsa’y natatakot ako dito, Panginoon. At ako—iniisip ko kung ano kaya ang gagawin.

⁵⁶ Pagkatapos ay kukunin ko ang Biblia at mababasa doon kung ano marahil ang nadama ni Isaias nang araw na iyon sa templo, nang makita niya ang mga Anghel na iyon, ang mga pakpak na nakatakip sa Kanilang mga paa. Hindi nakapagtata kang sumigaw siya, “Sa aba ko, sapagkat nakita ng aking mga mata ang kaluwalhatian ng Panginoon.”

⁵⁷ At noon sumigaw ang propeta: matapos siyang malinis sa templo, nang kumuha ang Anghel ng mga pang-ipit at kumuha ng baga ng Apoy at inihipo ito sa kanyang mga labi; matapos niyang ipahayag na isa siyang lalaking may maruming mga labi, at tumatahan na kasama, sa gitna ng bayang marumi. Gayunma’y, isa siyang propeta. Kinuha ng Anghel ang mga pang-ipit na iyon at inilagay ang baga ng Apoy sa kanyang mga labi at nilinis siya, at sinabi, “Ngayon humayo ka’t, magpropesiya.”

Panginoong Diyos, sigaw ni Isaias, “Narito ako, Panginoon. Suguin Mo ako.”

⁵⁸ Nang, Kanyang sabihin, “Sinong hahayo para sa atin?” Para doon sa masama at mapangalunyang henerasyon!

⁵⁹ O Diyos, hayaang maulit itong muli. Hayaang dumating itong muli, O Panginoon. Isugo ang Espiritu Santo na may lumilinis na Apoy. Sapagkat, ipinahahayag ko, na ako’y maruming mga labi, at nananahan dito sa mundong ito kasama ang maruming bayan. At marumi kami sa Iyong paningin, Panginoon. Ngunit, oh, isugo Mo ang kapangyarihang lumilinis, ang Espiritu Santo! Linisin kami, O Panginoon. Linisin ang Iyong lingkod, Panginoon.

⁶⁰ At pagkatapos ay mangusap Ka, Panginoon. Nakikinig po ang Iyong lingkod. Nananabik akong marinig ang Tinig na iyon. Ako’y sa Iyo. Gamitin Mo po ako, Panginoon, kung ano sa Iyong tingin ang angkop, habang inihihimlay ko ang aking sarili sa Iyong dambana. Hayaang linisin ako ng Espiritu Santo, Panginoon; at pahiran ako at isugo, Panginoon, kung nais Mong magsugo ng isa, kung ito na ang oras at ito na ang panahon.

61 Ako—hindi ko alam, Panginoon. Ako—alam ko lamang na nakita ko ang mga Anghel na iyon. At batid Mo na ang mga bagay na iyon ang ganap na Katotohanan. At dalangin ko, Panginoon, “Sa aba ko,” kaya tulungan Mo po ako.

62 At ngayon pagpalain Mo po ang mga taong ito. At narito kami ngayon, bago lamang ang gabi ng panahong ito ng pagdiriwang ng kapanganakan ng aming Panginoon. Dalangin namin na Iyo kaming tulungan.

63 At ngayong umaga, ang Iyong lingkod, ang aming Kapatid na Neville, ay nadama na marahil isa itong oras na dapat muna siyang magpahinga nang ilang sandali, at marahil dapat akong mangusap. At ako—dalangin ko na Iyo akong tulungan ngayon.

64 Mayroong mga naririto, Panginoon, at kaming lahat, ay nangangailangan sa Iyo. Kaya dumadalangin kami ngayon na Iyo kaming pagpapalain habang binabasa namin ang Iyong Salita at magbulay-bulay sa ilang sandali. Hayaang lumukob sa amin ang Iyong Espiritu, Panginoon. At linisin kami at papag-Alabin kami, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, sampu ng Mensahe ng Diyos, na sariwa mula sa dambana, upang yanigin ang isang naghihingalong sanlibutan, bago ang pagdating ng dakilang Diyos na Walang Hanggan. Sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus, ang Kanyang mahal na Anak, at aming Tagapagligtas. Amen.

65 Ngayon nais kong tawagin ang inyong pansin sa isang Kasulatan dito, at ilang mga tala, na isinulat ko.

66 At sa palagay ko, si Doc, si Billy, o isa sa kanila ang nagsabi sa akin, na gustong magpalabas nang medyo mas maaga, para sa mga bata. Mayroon silang ilang mga regalo para dito.

67 Kayong mga mumunting bata na kalalabas pa lamang sa inyong Sunday school, kayo—manatili lamang kayo, nang ilang saglit. Anuman ang aming sinasabi mula rito marahil ay medyo malalim para sa inyo, pero kayo—pero manatili lamang kayong nakaupo kasama nina nanay at tatay, nang ilang minuto. Nais ko silang kausapin.

68 Ngayon, doon sa Mga Awit, ang ika-89 ng Awit, nais kong magbasa ng isang talata o dalawa, ng ika-89 ng Awit. Sisikapin kong basahin ang ika-50, ika-51, at ika-52 talata ng Mga Awit 89.

69 Ngayon, naririnig ba ninyo hanggang diyan sa likuran, nang mabuti? Kung naririnig n’yo, itaas ang inyong mga kamay. Nang sa gayon ako. . . Alin ang. . . Gumagana ba ang lahat ng mga mikroponong ito? [May isang nagsasabi, “Hindi ko po alam.”—Pat.] Mas ayos ba ang isang *ito*, o *itong* isa? *Itong* isa? *Itong* isa? [“Gumagana itong dalawa sa gilid.”] Banda rito, *itong* dalawa sa gilid? [“*Itong* isa, *itong* isa, at *itong* isa.”] Sige.

70 Ngayon, hindi ko alam kung iteteyp nila ito o hindi. Ito lamang ay medyo hindi inaasahang pangyayari ngayong umaga.

71 Pero huwag kalimutan ha, isama ang lahat ng inyong mga kaibigan. At ako—nais ko kayong makatiyak, halos, na sikaping makadalo sa pagtitipon sa susunod na Linggo.

72 Malapit na nilang matapos ang bahay-sambahan dito, sa palagay ko. At ako’y—ako’y babalik sa panahong iyon para dito, ipangangaral ang Pitong Selyo, kung iyon ang kalooban ng Diyos, mula dito sa Kasulatan.

73 Sa Aklat ng Mga Awit, ang ika-89 na kabanata, simulan sa ika-50 talata. Makinig nang mabuti sa pagbasa ng Salita ngayon.

Alalahanin mo, Panginoon, ang kadustaan ng iyong mga lingkod; kung paanong taglay ko sa aking sinapupunan ang pagdusta ng lahat na makapangyarihang bayan;

Na idinusta ng iyong mga kaaway, Oh Panginoon; na kanilang idinusta sa mga bakas ng iyong pinahiran ng langis.

Purihin ang Panginoon magpakailan man. Amen, at Amen.

74 Nais kong mangusap sa inyo sa ilang sandali tungkol sa . . . Nais kong tandaan n’yo ang mga iyon, muna, at basahin ’yon nang paulit-ulit, nang talagang mabuti. Makabubuti siguro kung babasahin itong muli ngayon. Makinig nang mabuti ngayon. Kita n’yo?

Alalahanin mo, Panginoon, ang kadustaan ng iyong mga lingkod; kung paanong taglay ko sa aking sinapupunan ang pagdusta ng lahat na makapangyarihang bayan;

Na idinusta ng iyong mga kaaway, Oh Panginoon; na kanilang idinusta sa mga bakas ng iyong pinahiran ng langis.

Purihin ang Panginoon magpakailan man. Amen, at Amen.

75 Pag-aralan Itong mabuti, gaya ng pagkasabi dito ni David. Nais kong gamitin bilang isang teksto . . . Napakakakatwa nito, kung isang Pamaskong teksto na naman; ngunit gaya ng ipinangaral ko noong nakaraang Linggo tungkol sa isang kakatwang teksto. Nakalimutan ko na ngayon kung ano iyon. Iyon ay ang . . . [Sinasabi ng isang kapatid na lalaki, “*Ang Sanlibutan Na Lumalala Ang Kalagayan.*”—Pat.] Ano ulit? [“*Ang Sanlibutan Na Lumalala Ang Kalagayan.*”] Ang paglala: *Ang Sanlibutan Na Lumalala Ang Kalagayan.*

⁷⁶ Ngayon nais kong gamitin bilang teksto, ngayong Linggo: *Ang Kadustaan Para Sa Kapakanan Ng Salita*. Ngayon hayaang ulitin ko itong muli, nang mabuti. Ang . . . *Ang Kadustaan Para Sa Kapakanan Ng Salita*.

⁷⁷ May panahon ang Diyos, at isang dahilan para sa panahong iyon, upang isakatuparan ang lahat ng Kanyang mga gawa. Nalalaman ng Diyos kung ano ang Kanyang eksaktong gagawin. Tayo'y hindi. Kinakailangan lamang natin itong tanggapin kung paanong ibinibigay Niya ito sa atin. Ngunit, nalalaman Niya, at walang anumang magiging mali sa kung ano ang Kanyang—Kanyang binalak na gawin. Kailangang maisakatuparan ang lahat ng iyon. Talagang mayroon, kung minsan, ng magagaspang at mahihirap na mga bagay, upang mailabas lamang ang tunay, na totoong kalikasan ng bagay na iyon.

⁷⁸ Alam n'yo, ipinanganganak ang ulan sa isang matutulis, pabigla-biglang, kalat-kalat na mga kidlat, sa kumukulog na kalangitan. At kung wala tayong ulan, hindi tayo mabubuhay. Ngunit nakita ba ninyo kung ano ang kinakailangan upang maghatid ng ulan? Kulog, kidlat, silakbo, galit. At mula doon nagmumula ang ulan.

⁷⁹ Ang isang binhi ay dapat mamatay, mabulok, masira, mangamoy, at magbalik sa alabok ng lupa, upang makapaghatid ng bagong buhay.

⁸⁰ Kinakailangan ng pagbabayo ng ginto, pagbibiling nang paulit-ulit, pabalik-balik, at mabayo hanggang sa maalis na rito ang lahat ng mga dumi. Hindi dahil sa kumikinang ito, dahil ang iron pyrite, na kilala bilang mala-ginto, ay kumikinang na gaya ng tunay na ginto. Ngunit, pagtabihin mo ang dalawa. Ilagay mo silang magkahiwalay sa isang tabi, halos hindi mo masabi ang kanilang pagkakaiba. Ngunit pagtabihin mo sila, matutukoy mo 'yon. At kailangang magbayo sa tuwina ang mangbabayo hanggang sa kanyang—makita niya ang kanyang sariling larawan na nasisinag sa ginto.

⁸¹ At ang Diyos ay nagtatakda ng panahon at may layunin para sa bawat bagay na Kanyang ginagawa. Walang anumang bagay na nagaganap nang basta na lang hindi sinasadya sa kanila na nagsisiibig sa Panginoon at mga tinawag ayon sa Kanyang pagkatawag. Kita n'yo? Itinalaga tayo. At gumagawa ang lahat ng bagay nang sadyang tamang-tama, para doon, sapagkat hindi Niya magagawang magsinungaling. At sinabi Niya na ganoon nga, na lahat ng bagay ay may kanya-kanyang oras, kanya-kanyang panahon, at iyon ay may sariling paraan. At ang Diyos ay nasa likod ng bawat pagkilos. At iniisip mo kung minsan na nawawala na sa tamang takbo ang lahat ng bagay. Nasa sa atin na iyon. Ibinigay sa atin ang mga bagay na iyon, mga pagsubok at mga pagtataka. Iyon ay pagsubok, upang makita kung paano ang reaksiyon natin sa isang gawa.

⁸² Kamakailan lang, doon sa Vermont, si Kapatid na Fred at ako'y nagtungo doon sa bandang New York, sa kabila ng Lake Champlain, at napunta kami doon sa bandang New York. At umakyat ako sa bundok kung saan 'yung, doon sa itaas ng Hurricane Mountain, kung saan ako dating nangangaso. At naalala ko doon noong naligaw ako, at kung paano ako inakay ng Diyos pabalik, sa pamamagitan lamang ng Espiritu Santo, sa isang bagyo. Na, namatay na sana ako, napahamak, at gayun din sana ang aking asawa at si Billy, na naroon sa isang munting himpilan na milya-milya ang layo. At iniikot ako.

⁸³ At mayroon lamang kaunting niyebe na dinaanan namin, para makarating sa kampamento, noong maaga ng tagsibol. At ako'y nakatayo roon na kausap si Kapatid na Fred, at sinabi ng Espiritu Santo, "Lumabas kang mag-isa." At lumipat ako doon sa palumpong sandali, sa lugar. Sabi Niya sa akin, "May isang patibong na inihanda para sa iyo. Mag-ingat ka ha." Subalit hindi Niya sinabi kung paano, kung ano. Bumalik ako at sinabi kay Kapatid na Fred.

⁸⁴ Nagtungo ako sa bahay-sambahan nang gabing iyon sa awditoryum, ibinalita iyon sa mga tao. At naganap iyon noong sumunod na gabi. At pagkatapos habang nakatayo doon nang sabihin Niya sa akin, patungkol sa ilang mangungutya, sabi Niya, "Ito'y nasa iyong mga kamay na. Bahala ka na sa kanila. Anuman ang sabihin mo, ay mangyayari ngayon din."

⁸⁵ Hayan na. Kung saan, isang taong walang pagpipitagan, masama, at nagkakatuwaan sila at nanlilibak doon sa pagtitipon, isang kabataang lalaki at isang kabataang babae. At hayagang sinusubukan ng lalaki na lambingin nang malaswa ang babae sa loob ng gusali; at sa pansin ng lahat, habang sinisikap kong mangaral. At hinila ang ulo nito at umupo sa kandungan nito, at kinabig ang ulo nito at sinubukan itong halikan, at nagpapatuloy nang ganoon sa pagtitipon, umaagaw ng pansin.

⁸⁶ At sinabi ng Espiritu Santo, "Ngayon siya'y... Sila'y nasa iyong mga kamay na. Ano'ng gagawin mo sa kanila?"

⁸⁷ Nagkaroon ng isang banal na katahimikan. Lubhang tumahimik ang lahat. At naisip ko, "O Diyos, ano ang dapat kong gawin?"

⁸⁸ Saka ko naalala, kung hindi dahil sa babala ng Espiritu Santo, dalawang araw bago 'yon. Sabi ko, "Patatawarin ko kayo." Ngayon, iyon ang nais Niyang sabihin ko. Kita n'yo?

⁸⁹ Sapagkat, kung sabagay, ako—nagkasala din ako, hindi nga marahil sa ganoon, ngunit nagkasala. "At ang nagkasala sa pinakamaliit ay nagkasala sa kabuuan."

⁹⁰ Kaya sabi ko, "Pinapatawad ko kayo." At may mga saksing nakaupo dito ngayon, na naroon noon. Pagkatapos ay bumuhos ang Espiritu Santo.

⁹¹ Ngayon, nakita n'yo, naniniwala ako na lahat ng mga bagay na ito ay may kahulugan. Ano'ng gagawin ninyo sa isang kapangyarihan? Paano ninyo, kita n'yo, ang reaksiyon sa isang gawa? Isang bagay na dumating bilang isang akto, kung ganoon paano ang reaksiyon n'yo sa gawang iyon? Nauunawaan ba ninyo kung ano ang ibig kong sabihin? Ano'ng gagawin ninyo? At marahil ang lahat ng ito'y gumawa sa kung nasaan na tayo ngayon. Hindi ko alam. Ako—sadyang hindi ko masabi. Subalit noon pa laging may kung anong paraan.

⁹² At alalahanin iyon, ang kadustaan ng—ng Salita ay . . . Ang Salita noon pa man ay nagbabata na ng kadustaan. Sa lahat ng mga kapanahunan, ang pinahirang Salita ng Diyos buhat pa noon ay dinudusta na. At iyon ang dahilan kaya napakahirap para sa mga tao na hindi nakakaunawa, na malaman kung paano tatanggapin ang kadustaang iyon.

⁹³ Naaalala n'yo pa ba ang mga alagad na nagsibalik at nangagalak dahil kanilang nalaman na inari silang karapat-dapat na pasanin ang pagdusta dahil sa Kanyang Pangalan? Sabi Niya, “Lahat ng nabubuhay na may kabanalan kay Cristo ay mangagbabata ng pag-uusig,” ang pagdusta dahil sa Salita.

⁹⁴ Kailangan ninyong tiisin palagi ang kadustaang ito upang ibigay ang pagsubok sa inyo, upang makita. Ang bawat taong lumalapit kay Cristo ay dapat munang sanayin bilang bata, para sa—para sa layunin na pinagtalagahan sa inyo ng Diyos. At alalahanin, kung magagawa lamang ninyong tumahimik! Alalahanin, kung tinawag Niya kayo para dito, walang anumang makahahadlang dito upang maganap ito. Walang sapat na mga diablo na nasa matinding paghihirap, na makahahadlang sa paghahayag sa Salita ng Diyos. Isinilang kayo para sa isang layunin, at walang sinumang makakapalit sa inyong lugar. Maaaring magkaroon kayo ng mga manggagaya at lahat na, subalit hindi nila kailanman mapapalitan ang inyong lugar. Tama. Magwawagi ang Salita ng Diyos. Hindi Ito mabibigo. Doon nararapat tumayo ang bawat Cristiano, na nalalaman iyon—iyon. At darating ang mga pagsubok, at tila ba nasa lahat ng dako, sa inyo. Ngunit alalahanin, na may layunin ang Diyos, at lahat ng iyon ay magiging maayos.

⁹⁵ Ngayon balikan lamang natin ang ilang—ilang mga pangyayari sa Salita ng Diyos na naganap, at ang mga naghatid ng Salita sa kanilang kapanahunan.

⁹⁶ Ako—nadama ko sa Espiritu, hindi pa katagalan, na may isang bumabatikos sa akin. Maaaring iyon ay mula doon sa mga nakikinig sa teyp. Ang tungkol sa palaging labis na binabanggit, bumabalik at kumukuha ng mga tauhan sa Biblia tungkol sa kung ano ang sinasabi ko. Buweno, ginagawa ko iyon sa isang layunin. Sinabi ng Biblia na isinulat ang mga bagay na ito upang tumingin tayo sa mga iyon. At iyon lamang ang tanging paraan,

dahil walang pinag-aralan, ang tanging bagay na magagawa ko, ay ang tumukoy doon at sabihin, “Nakita ninyo kung saan *ito* nakatayo, kung anong nangyari sa pamamagitan *nito*, kung saan naganap ang isang *ito*.” Kita n’yo? At pagkatapos ay ilagay lamang ninyo ang inyong sarili doon.

⁹⁷ Gaya ng ipinapangaral ko, hindi pa katagalan, tungkol sa isang kabataang lalaki doon sa barko, alam n’yo na, at—at nag-aagaw-buhay na noon ang matandang kapitan. May sakit siya. At nagtanong siya kung wala bang Biblia sa barko. At nakita nila ’yung kabataang lalaki na may Biblia, at lumapit ito at binasa ang Isaias 53:5. “Siya’y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, nabugbog dahil sa ating mga kasamaan.” At sabi nito, “Hayaan ang. . . Hayaang sabihin ko po sa inyo, kapitan, kung paano ito binabasa noon ng aking ina.” Sabi, “Ganito ang paraan ng pagkasulat niya dito. ‘Siya’y nasugatan dahil sa kasamaan ni Willy Pruitt. At Siya’y pinarusahan dahil kay Willy Pruitt. At ang lahat ng mga bagay na ito na Kanyang ginawa, ay para kay Willy Pruitt.’” Iyon ang pangalan nitong kabataan.

Sabi ng matandang kapitan, “Gusto ko iyan. Maaari bang basahin mong nakalagay doon ang pangalan ko?”

⁹⁸ Sabi nito, “Susubukan ko.” At sabi nito, “Siya’y nasugatan dahil sa mga pagsalangsang ni John Quartz. Siya’y nabugbog dahil sa kasamaan ni John Quartz. At sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ay gumaling si John Quartz.”

Sabi niya, “Nakikita ko na ito.” At pinagaling siya ng Panginoon. Kita n’yo?

⁹⁹ Basahin n’yong nakalagay doon ang pangalan ninyo. Siya’y nasugatan dahil sa mga pagsalangsang ni William Branham. Siya’y nabugbog dahil sa kasamaan ni William Branham. Ginawa Niya iyon para akin, at ginawa Niya iyon para sa inyo. Basahin n’yong nakalagay doon ang pangalan ninyo.

¹⁰⁰ Buweno, sa ganoong paraan ko ibig ihatid ang Mga Kasulatan sa aking—aking mga kababayan, ay kung ano ang Kanyang ginawa para sa iba pa na nagsisunod sa Kanya. Kung ano ang ginawa Niya para sa iba pa na tapat sa Adhikain, at kung ano ang ginawa Niya sa iba pa na hindi naging tapat para sa Adhikain, pagkatapos ay basahin n’yong nakalagay doon ang pangalan ninyo. Kung naroroon sana kayo, ano kaya ang pinili ninyong panindigan? At alalahanin, mayroon kayong pribilehiyo, ngayon, na piliin ang siya ring paninindigan.

¹⁰¹ Noon, si Noe, tungkol sa pagdusta dahil sa Salita na sinalita sa kanya ng Diyos. Kay Noe, may pagdusta noon. Nabuhay si Noe sa isang panahong makasiyensiya, kung saan may mga nakamit ang siyensiya na nagawa nilang lumikha, na higit pa sa anumang bagay na nalikha natin ngayon. Mas matalino sila, mas marunong. Mas lalong nakahihigit ang kaunlaran ng kanilang siyensiya, kaysa doon sa atin. At alalahanin lamang,

kinailangan niyang tiisin ang pagdusta dahil sa Salita na kanyang ipinangaral, nang isang daan at dalawampung taon, sa harapan ng mga mangungutya. Pinatunayan sa kanila ng kanilang mga dakilang pamamaraang makasiyensiya na walang ulan sa kalangitan. Ngunit, gayunman, narinig ni Noe ang Salita ng Panginoon, at taliwas Ito sa kanilang iniisip tungkol Dito. Kaya, bago maligtas ang kanyang buhay, kailangan niyang tumayo sa harap at tiisin ang pagdusta na idinudusta sa kanya ng mga mangungutya na ito.

¹⁰² Oh, walang alinlangan, na nakadama marahil sila ng pagkahabag para sa hamak na matandang mangangaral na iyon. Hindi nila siya dinala sa lugar para sa mga baliw o anumang, dahil marahil ay wala pang maraming ganoong uri ng bahay noong panahong iyon. Hindi siya mapanganib. Hindi siya mananakit ng sinuman, kaya hinayaan na lamang nila siyang mag-isa. “Magpatuloy ka lang, na matandang panatiko diyan sa itaas sa gilid ng burol na iyan, na nagtatayo ng isang barko sa banda rito kung saan wala namang tubig. Oh, buweno, kawawang matandang nilalang! Ngunit,” at sinasabi, “saan mo kukunin ang tubig mo, upang palutangin ang bangka mo, Noe?”

“Bababa ito mula sa kalangitan.”

¹⁰³ “Walang kabuluhan. Kaya naming tirahin ang buwan at ang mga bituin, ng radar,” anumang mayroon sila noon. “Walang ulan doon sa itaas.”

Ngunit sabi niya, “Sinabi ng Diyos na maglalagay Siya ng ilan doon sa itaas.”

“Paano naman Niya ’yon gagawin?”

¹⁰⁴ “Siya na ang bahala doon. Ang tanging bagay lang na dapat kong gawin ay balaan kayo na magsilikas na kayo mula rito.”

¹⁰⁵ Halos ganoon din ito ngayon. “Saan manggagaling ang apoy?” Kapatid, mas malinaw na ito nang kaunti ngayon kaysa noong panahon ni Noe. Nakikita na natin kung nasaan na ito. Nakahanda nang tumama, iyon lang. Ang siyensiya ay nagawa nang. . . Wala nang maidadahilan ngayon, man lang, dahil natuklasan na ito ng siyensiya. Siyanga, po.

¹⁰⁶ Kaya natuklasan natin ngayon na isang bagay talaga iyon. Kaya nakadama sila ng pagkahabag para sa kawawang matandang mangangaral, at hinayaan na lamang siya. Isa ’yong kakatwang bagay, marahil, sa mga taong iyon, ang isipin na ang isang lalaking ipinapalagay pa namang matalino, at maniniwala na ang Diyos, ang Manlilikha ng mga langit at lupa, ay gagawa ng isang bagay, o magsasabi ng isang bagay na Kanyang gagawin, na taliwas sa kanilang paraan ng pag-iisip, kung anong mayroon sila. Hindi n’yo marahil nakuha ito. Masdan. Ay. . . Inakala nila na kaya nilang patunayan ang bawat natural na bagay sa pamamagitan ng siyensiya nila. Kung hindi ba naman iyon ang uri ng mundong kinabubuhayan natin ngayon, isang

intelektuwal, na pang-edukasyong mundong puno ng siyensiya! At anumang bagay na kaya nilang patunayan, na mali, ang sa Diyos. . . “Walang Diyos ang makapagsasabi ng anumang bagay na (noon) kayang mapatunayan ng siyensiya na wala doon.”

¹⁰⁷ Ngayon, mayroon silang ganoon ding ideya ngayon. Kung sinasabi ng doktor mo na may kanser ka, na tiyak na mamamatay ka, at pinatutunayan sa iyo ng siyensiya na may kanser ka, at nasa malubhang kalagayan na ito, kahangalan na mag-isip pa ng anumang bagay na iba, dahil mamamatay ka na; 'yun lang. Sinasabi ng siyensiya na mamamatay ka na daw. Sinuri ka na nila, at 'yun nang lahat ito. Mamamatay ka na. At iniisip nila na kabaliwan kapag pinilit mong sabihin na ipinangako ng Diyos na gagawin ito. Kita n'yo, gaya noon, kailangan ninyong tiisin ang pagdustang iyon.

¹⁰⁸ Sinabi nila, kung sinasabi dito ng doktor, “Sinuri namin, at malubha na ang kanser. Binuksan ka na namin. Nakakalat nang lahat ito sa katawan mo, at sa puso mo, sa mga baga mo, sa atay mo, sa lahat na. Imposible na ito.”

Kaya, nakita n'yo, kapag sinabi ninyo, “Pero mabubuhay pa rin naman siya, kahit papaano.”

Sasabihin nila, “Naku, kawawang tao, hayaan n'yo na lang siya.”

¹⁰⁹ Naalala ko ang gabing iyon. Si Bill Hall, si Kapatid na Hall doon sa iglesya sa Milltown, marami sa inyo ang nakakaalala sa kaso. At nang siya. . . Tinawagan nila ako. Ang asawa ko, biyenang babae at ako, ay nagpunta dito. Napangasawa niya ang isang dalaga na kapatid, palagay ko, ni George Cupp, na meyor ng bayan, o siyang huwes dito. Ang kanyang. . . Iyon ang kanyang bayaw. Kanilang dinala siya dito para mamatay. Ang doktor sa Milltown, ang doktor sa New Albany, ay sinuri ang kanyang kaso na napag-alamang kanser sa atay. Kaya nagpunta ako upang makipagkita kay Gng. Hall. At nagkaroon na siya ng paninilaw ng balat, at naninilaw na ang kabuuan niya. At sabi ko, “Buweno, sa palagay ko'y mamamatay na siya.” At sabi ko. . .

¹¹⁰ Sabi niya, “Kapatid na Bill, mayroon pa bang anumang paraan na magkaroon. . . Makaririnig ka ba mula sa Diyos?”

Sabi ko, “Ako—hindi ko alam, Kapatid na babaeng Hall. Maaari akong manalangin.”

¹¹¹ Nanalangin ako. At muli akong umuwi sa bahay, at walang anumang sinabi ang Diyos sa akin. Pagkatapos ay bumalik ako, kinabukasan, at muli akong nanalangin.

At sabi niya, “May kilala ka bang mahusay na doktor?”

¹¹² Sabi ko, “Buweno, si Dr. Sam Adair ang doktor ng pamilya namin, dito sa Jeffersonville. Siya'y—siya'y—siya'y. . . Ang kanyang ama ay doktor ng pamilya namin. Ang batang

Sam at ako noon pa ma'y matalik nang magkaibigan, at—at halos magkasabay kaming nag-aral noon sa paaralan, lumaking magkasama. Lagi kaming nagpupunta sa kanya kapag may anumang problema.”

Sabi niya, “Makakapunta kaya siya’t matitingnan si Bill Hall?” na asawa niya.

Sabi ko, “Tatanungin ko siya.”

¹¹³ Buweno, sinabi sa akin ni Sam, sabi niya, “Billy, kung sinabi ng doktor na may kanser siya,” sabi, “may iisang bagay lamang, na maaari kong magawa, ipapadala ko siya sa isang tao na mas magaling kaysa sa akin, sa isang espesyalista. At kukuhanan namin ng mga x-ray; at hindi na namin siya ilalagay pa sa anumang kaabalahan.”

¹¹⁴ Nagpadala kami sa New Albany at kinuha ang mga x-ray mula sa doktor doon. Dinala siya sa Louisville at sinuri siya, dinala siya sa isang ambulansiya, at dinala siya pabalik.

¹¹⁵ Buweno, siyempre, hindi niya sasabihin kay Gng. Hall ang sakit nito, kaya tinawagan niya ako. Sabi niya, “Mamamatay na siya,” sabi, “ang kaibigan mong mangangaral.” Sabi, “Katatawag lamang sa akin ng espesyalista sa Louisville, at ang sabi, ‘Ang pagsusuri na ibinigay ng mga doktor sa—sa . . . doon sa Milltown; at ng doktor, sa New Albany; ay nagbigay ng tamang uri ng pagsusuri.’” At sabi, “Kanser ito sa atay, at malubha na ito. At, Billy, hindi namin maaalis ang atay nung tao, at mabubuhay pa siya.” Sabi, “Mamamatay na siya. At kung isa siyang mangangaral, handa na dapat siya.”

¹¹⁶ Sabi ko, “Hindi iyon ang tanong. Pero hindi pa siya humihigit sa mga limampu’t limang taong gulang, kaya marami pa siyang buhay sa kanya, para makapangaral.” At sabi ko, “Buweno, kung mamamatay na siya, iyon na ’yon kung ganun. Salamat, Dr. Sam.”

¹¹⁷ At pumunta ako doon at tinawag palabas si Gng. Hall, at sinabi ko sa kanya. Sabi ko, “Gng. Hall, sinabi ni Sam na ang pagsusuri ng sa Louisville roon ay gaya rin ng sa New Albany at Milltown. Mamamatay na ang tao. Mamamatay na si Kapatid na Hall. At mayroon siyang kanser sa atay, at malubha na ito.”

¹¹⁸ At kaya nagsimula na siyang umiyak. Tumulikod ako, nanalangin sa tabi nito. At wala na talaga ito sa kanyang sarili, noon, hanggang sa hindi na niya alam na nasa kuwarto ako.

¹¹⁹ Kaya, bumalik ako. At maraming taong nagpupunta sa bahay, noong mga araw na iyon. Wala nang iba pang nangangaral noon doon. Hindi pa ito narurumihang lubos, at dumarating ang mga tao buhat sa lahat ng dako.

¹²⁰ Nais kong magpahinga nang kaunti. Kaya pumuslit ako, bumangon nang maaga, bandang alas-dos y medya, o alas-tres. Hindi pa noon nakalipat sina Kapatid na Woods sa aming kalye.

At tumingin ako doon sa lansangan, at walang, walang sinuman doon sa labas, kaya kinuha ko ang aking lumang sumbrero at pumasok sa aking den room, at kinuha ang aking .22 riple. At lalabas sana ako at mangangaso ng squirrel, hanggang abutin na ng bandang alas-otso, at pagkatapos ay hihiga sa tabi ng isang puno sa kung saan at iidlip nang kaunti. Hindi mo makukuha 'yun doon sa bahay.

¹²¹ Kinuha ko ang aking sumbrero at nagsimula nang dumaan sa kuwarto. Nakabitin sa pader ang isang mansanas. At iyon ay ang—ang pinakabulok na mansanas. Kinain na iyon ng uod, at bukul-bukul na iyon, at langib-langib na ang kabuuan nito. At naisip ko, “Para sa ano kaya’t ibinitin iyon ni Meda sa pader?”

¹²² At napansin ko, muli, at wala na iyon sa pader. Nakalutang na iyon sa hangin. At tinanggal ko ang aking lumang sumbrero, inilagay ang riple sa sulok, at lumuhod ako. Sabi ko, “Panginoon, ano po ang ipababatid Mo sa Iyong lingkod?”

¹²³ Lumitaw ang isa pa, lumitaw ang isa pa, hanggang sa mga apat o limang mansanas (nakalimutan ko na ngayon kung alin ito) na nakalutang doon. Pagkatapos ay isang napakalaking, magandang mansanas, na may guhit-guhit; sadyang isang napakalaking, mukhang malusog na mansanas, ang bumaba at kinain 'yung iba pang mukhang basurang mga mansanas. At sinabi Niya, “Bumangon ka. Tumayo ka.” Sabi, “Humayo ka’t, sabihin kay Bill Hall, na hindi siya mamamatay. Mabubuhay siya.”

¹²⁴ Oh, tumakbo ako sa pinakamabilis na magagawa ko, at sinabi ko, “Gng. Hall, mayroon akong GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Mabubuhay siya.” At narinig niya ako. At naiiyak siya, at hindi na siya makapagsalita pa.

¹²⁵ Bumalik ako at tinawagan si Sam. At sabi ko, “Sam, ang ating—mabubuhay ang kapatid natin.”

Sabi niya, “Paano siya mabubuhay nang ganoon?”

¹²⁶ Sabi ko, “Hindi na para sa akin iyon na alamin. Gayon ang sinabi ng Diyos. Iyon na 'yon.”

¹²⁷ Buhay siya ngayon. Iyon ay mga sampung taon na ang nakakaraan. Sadyang malakas pa rin at malusog. Namatay na buhat noon ang kanyang maybahay. Nag-asawa na siyang muli.

¹²⁸ Paano iyon mangyayari kay George Wright, at sa napakarami pang maaari nating sabihin, na maaari nating banggitin? Ano ba iyon? Iyon ay upang tiisin ang pagdusta. Nagtatawanan sila at nangungutya.

¹²⁹ Naaalala ko bago noong baha ng '37. Nakatayo ako noon doon kasama ang Falls City Transfer Company, at sinasabi sa kanila ang tungkol sa, na magkakaroon ng tubig na tatlumpu't dalawang talampakan, yata iyon sa palagay ko, sa Spring Street. Pinagtawanan nila ako. Sabi nila, “Kawawang Billy. Sa palagay

ko siya... Ang batang 'yon!" Isang kabataan pa lang ako noon. Sabi niya, "Mabuting bata si Billy. Sa kasawiang-palad ay nalilito na siya." Hindi ako nalilito. Nabautismuhan ako *papasok*, hindi nalito. "Nakapasok" lamang ako. At naganap iyon nang sadyang ganoon.

¹³⁰ Simula nang nangungusap ako, napansin ko na si Kapatid na Hattie Wright, sa palagay ko, na nakaupo diyan sa likod. Naaalala niya 'yung kaso tungkol kay Bill Hall. Marami! Ilan ba ang naririto, narito ngayong umaga, na nakakaalala sa kasong iyon? Oh, naku! Sigurado. Marami sa iyo.

¹³¹ Ngayon, naaawa sila sa atin, naaawa sa sinumang nagsisikap na manghawakan sa Salita, sa panahon ng mga mangungutya. Ngunit, alalahanin, dapat dumating ang pagdusta. Noon pa'y ganoon na. Naisip siguro nila, gaya ng naisip nila noon, na ang Diyos, matapos na mapatunayan na ng siyensiya ang anumang bagay, na hindi magsasalita ang Diyos ng anumang laban sa siyensiya. Buweno, iyon ang nagpapaging Diyos sa Kanya. Kung kumilos pa Siya ayon sa siyensiya, kung gayo'y hindi na iyon hihigit sa kung ano ang kayang maabot ng tao. Ngunit, Diyos Siya. Siya ang—Siya ang Manlilikha ng siyensiya. Magagawa Niya kung ano ang ibig Niya.

¹³² Naisip marahil nila, "Kawawang matandang Noe, buweno, hayaan na lamang ang matandang lalaki. Hindi niya tuloy nararanasan ang lahat ng kasiyahan na mayroon tayo sa mga araw na ito, kaya hayaan na lamang siya." Halos ganoon din ito ngayon.

¹³³ Ngunit, ngayon, nais kong sabihin ang isa pang bagay dito. Ngayon, nagbabalik-tanaw tayo at hinahangaan ang kanyang pananampalataya. Ngunit iniisip ko, kung nabuhay ba tayo sa panahong iyon, pinili kaya natin ang siya ring piniling panindigan ni Noe? Magagawa kaya natin at loloobing tiisin ang pagdusta na kaakibat ng Katotohanan? Gayong, sa lahat ng mga milyun-milyong nasa mundo noon, naroon lamang si Noe at ang kanyang pamilya na nanindigan para sa Katotohanang iyon. Naisip ba ninyo iyon? Ang taong 'yon lamang at ang kanyang tatlong anak, at ang kanyang mga manugang na babae, ang kanyang asawa, ang nag-iisa lamang na nanindigan para sa Katotohanan na iyon. Subalit nasa kanila ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Nagbabalik-tanaw tayo at hinahangaan siya. Maisip ba natin itong muli?

Kailangan ko nang magmadali dahil dito sa mga regalong para sa mga batang ito.

¹³⁴ Si Abraham, ang salita mismo na *Abraham* ay nangangahulugang "ama ng marami," nagpapaging "isang ama ng mga bansa" sa kanya.

¹³⁵ Ngayon, narinig ni Abraham ang Salita ng Diyos. Isang propeta si Abraham, at narinig niya ang Salita ng

Diyos. At hinahangaan natin si Abraham dahil sa kanyang panghahawakan sa Salita ng Diyos; kung paano niya ibinukod ang kanyang sarili mula sa kanyang mga kamag-anak; kung gaano kahirap 'yon para kay Abraham. Pinalaki siya doon. Naglakbay mula sa Babel, at—at nakarating sa lupain ng Shinar at ng—ng—ng mga Caldeo, sa bayan ng Ur, kung saan ang lahat ng kanyang mga kasamahan, kanyang lipi, at 'yung mga nakasama niya sa iglesia, at lahat na. Ngunit sinabi ng Diyos, “Bumukod ka.” Oh, naku! Anong nakakatakot na bagay iyon, ang iwanan ang lahat ng mahalaga sa kanya, lahat ng bagay na totoo sa kanya, na mahalaga sa kanya. At sinabi sa kanya ng Diyos, “Bumukod ka.”

¹³⁶ At binigyan siya ng isang napakakakatwang bagay. “Magkakaroon ka ng isang anak sa iyong asawa.” At pitumpu't lima na siya noon, at ang babae'y animnapu't lima. Hindi na ito dinadatan ng tulad ng likas sa mga babae, gaya ng itinakda sa mga babae na manganganak, sa loob ng maraming taon. At narito, matapos mamuhay na kasama nito simula pa sa pagkabata nito, sapagkat ito'y kanyang kapatid sa ama, at kung gayon paano pa niya magagawang ipakita ang batang iyon? At gayon maiisip na ninyo si Abraham na lumalabas sa gitna ng kanyang mga kasamahan, at sinasabi, “Magkakaanak kami, si Sarah at ako”? Maiisip n'yo ba iyon?

¹³⁷ Aba, sabi ng mga tao, “Ang kawawang matandang lalaki, may problema sa kanya.”

¹³⁸ Isa itong pagdusta, ngunit nanghawakan dito si Abraham. At noong isang daang taong gulang na siya, hindi siya nag-alinlangan sa pangako ng Diyos. Tiniis pa rin niya ang pagdusta, siyanga, nanghawakan siya rito.

¹³⁹ Napansin ba ninyo ang kaibahan doon? Sinubukan ni Sarah na bigyan si Abraham, o bigyan ang Diyos, sa halip, ng kaunting tulong, sa pamamagitan ng sarili niya. Naisip niya, alam n'yo na, na, iba kaysa sa kung ano ang ipinangako ng Diyos. “Ngayon, alam n'yo, matanda na akong babae, pero si Hagar dito ay isang magandang babae. Walang anuman kay Abraham na pakasalan din siya. Kaya, alam ninyo, 'yon ay—makakatulong 'yon sa Diyos. Makakatulong 'yon sa Diyos, dahil si Hagar, dito, nasa dalawampung taong gulang lamang marahil siya. Katulong ko siya. At alam ninyo kung ano ang gagawin ko? Ibibigay ko siya sa aking asawa, para maging isang asawa,” dahil legal noon ang pag-aasawa ng marami. Kaya sabi niya . . . “Ibibigay ko siya, at magkakaanak siya sa pamamagitan ng aking asawa, at saka ko kukunin ang sanggol. At 'yon na iyon, ang ipinangako ng Diyos.”

¹⁴⁰ Nakita n'yo, lagi nating sinusubukang gumawa ng isang bagay; hindi makapaghintay sa Kanya. Kailangang may gawin tayong isang bagay, na tayo-tayo lang. Maaaring ayos lamang. Maaaring maganda siya. Maaaring napakabuti nitong tingnan,

ngunit hindi ito sang-ayon sa Salita. Sinabi ng Diyos kay Abraham, “Manggagaling ang sanggol kay Sarah.”

¹⁴¹ Naaalala n’yo ba kung ano ang sinabi Niya tungkol sa munting Kawan? “Lalaki ang mga tandang ito sa mga magsisisampalataya.” “Kung paano ang nangyari noong panahon ni Noe, ay gayon din naman ang mangyayari sa pagdating ng Anak ng tao, kung saan kakaunti, walong kaluluwa lamang, ang naligtas.” Hindi mabibigo ang Mga Salitang iyon, kaya bantayan nating mabuti ang ating mga sarili at manatiling nasa Salita. Siyanga. Kita n’yo?

¹⁴² Sinusubukan lagi ng mga tao na gumawa ng isang bagay, upang ipalit sa malikhaing kalooban ng Diyos. Nakita n’yo, gaya ng madalas kong sabihin, at marahil sa harap ng iglesia, noon, alam ninyo, hindi ninyo maaaring hilingin sa tupa, “Maaari bang igawa mo ako ng balahibo ng tupa?” Hindi, hindi niya magagawa iyon. Ngayon, hindi makakaya ng isang kambing na maglabas ng balahibo ng tupa, dahil hindi siya mahahayaan ng kanyang kalikasan na magkaroon niyon. Gaano man ninyo subukang itali ang balahibo ng tupa sa isang kambing, hindi ito uubra. Hindi makagagawa ang kambing ng balahibo ng tupa, at hindi gumagawa ang tupa ng buhok. Kundi mayroon siyang balahibo ng tupa dahil isa siyang tupa. Iyon ang nagpapaging ganoon sa kanya. Hindi siya gumagawa.

¹⁴³ Hindi tayo dapat gumawa ng mga bunga ng Espiritu. Dapat nating ipamunga ang bunga ng Espiritu. Hindi gumagawa ang punong mansanas ng mansanas; sadyang ibinubunga lamang nito ito dahil isa itong puno ng mansanas.

¹⁴⁴ At kung susubukan nating gumawa ng anumang bagay, “Tutulong ako sa Adhikain. Mag-aaral ako ng sampung taon sa seminaryo. Pag-aaralan ko *ito*, *iyon*, o ang *iba*, at kukuha ako ng aking Batsilyer sa Sining at ng aking digri ng pagka-Doktor. Tutulungan ko ang Panginoon, nang mag-isa.” Hindi iyon uubra.

¹⁴⁵ Ang Diyos, sa pamamagitan ng pagtatalaga, ay tumatawag ng ibig Niya. Ibinibigay Niya ang Kaharian sa sinuman na ibig Niyang pagbigyan Nito. Nalaman natin iyon sa pamamagitan ni Nebuchadnezzar.

¹⁴⁶ Nalaman natin iyon sa pamamagitan—sa pamamagitan ni Jeremias. Nang sabihin iyon sa kanya ng Diyos sa pamamagitan ng Salita ng Panginoon, na may darating na panahon na dadalhin ang Israel sa Babilonia sa loob ng pitumpung taon. Naritong dumating ang isa pang propeta. Sinabi na Niya sa kanya, sabi, “Ngayon, magkakaroon kayo ng mga propeta, na magsisilitaw. At paroroon sila sa inyo riyan sa Babilonia, na magsisilitaw, at mga mapanaginipin at mga propeta, na magsisipagpropesiya nang taliwas Dito. Ngunit sabihin mo sa mga tao na huwag makinig sa mga taong iyon.”

147 At dumating ang isang lalaki sa pangalan ng—ng, isa sa mga propeta, na si Hananias. At nang nakatayo doon si Jeremias na may isang pamatok sa kanyang batok, ay dumating si Hananias, sabi, “GANITO ANG SABI NG PANGINOON; Sa loob ng buong dalawang taon, lahat ng mga sisidlan ng Panginoon. . . .” Ngayon, sa pagka-pundamental, para bang napakaganda nito. “Pagpapalain ng Diyos ang Kanyang bayan. Ipanunumbalik Niya nang sadyang ganap ang lahat ng bagay, sa loob ng dalawang taon.”

148 At sinabi ng Biblia, sinabi maging ni propeta Jeremias, “Amen. Amen. Hananias, isakatuparan nawa ng Panginoon ang iyong mga salita. Ngunit isipin natin ang isang bagay, Hananias. May mga propeta nang nauna sa atin, at nagsipagpropesiya sila laban sa mga makapangyarihang bansa sa pakikipagdigma, at iba pa. Subalit, alalahanin, nahahayag ang propeta matapos na maganap ang kanyang propesiya.” Kita n’yo?

149 Nang magkagayo’y lumapit si Hananias, hinatak ang pamatok mula sa batok ni Jeremias, sa harap ng lahat ng mga saserdote at ng kongregasyon, marahil ay isa’t kalahating milyong katao. At kinuha ang pamatok na iyon na inilagay ng Diyos sa batok ni Jeremias, bilang isang tanda, at binali ito nang pira-piraso, at inihagis ito sa kanyang paanan, na sadyang napukaw lang, at sinabi, “GANITO ANG SABI NG PANGINOON; Sa loob ng dalawang taon, ay magsisibalik na sila.”

150 Tiningnan lamang siya ni Jeremias. Taliwas iyon sa Salita, kaya lumayo na lamang siya. At sinabi ng Diyos, “Bumalik ka at sabihin sa kanya,” sabi, “hindi Ako kailanman nangusap sa kanya.”

151 Napukaw lamang siya. Ginamit niya ang kanyang sariling haka. Kita n’yo? Hindi siya kailanman naghintay hanggang sa makita muna niya talaga iyon at malaman na hindi siya iyon, na ang Diyos ang nagsasabi niyon. Bumalik siya, na talagang masigasig. Kung. . .

152 Nakikita natin ito, sa buong bansa, ngayon. Isa sa mga teyp natin ang pinakikinggan kamakailan sa isang tahanan, kung saan isang pangkat ng mga ministro ang nakumbinsi noon mismo, at papunta na sana upang magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo. At tumayo ang isang lalaki doon sa loob ng kuwarto, na nagsalita sa iba’t ibang wika at nagsabi, “GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Manghawakan sa kung ano ang nasa inyo na. Ipagpatuloy n’yo lamang, magpatuloy, at Aking pagpapalain kayo.”

153 Sabi nila, “Buweno, kung sinabi iyon ng Panginoon, sa palagay ko’y iyon na nga.” Nakita n’yo, hindi iyon sinuri sa Salita. Kinakailangan nitong sumangguni sa Salita, muna. Hayan na. Taliwas iyon sa Salita.

¹⁵⁴ Heto na si Jeremias na bumabalik, ang pinahirang propetang iyon. Sinabi sa kanya ng Diyos, sabi, “Nalalaman Kong binali ni Hananias ang kahoy na pamatok na iyon na nasa iyong batok, na Aking inilagay, ngunit gagawa Ako ng isang gawa sa bakal.” Sabi Niya, “At lahat ng mga bansang ito na nagtungo doon upang maglingkod kay Nebuchadnezzar, na Aking lingkod,” at isa itong pagano. Kita n’yo? At ang Israel, na ginaganap ang lahat ng kanilang mga paghahandog, ngunit hindi sila . . . Kita n’yo?

¹⁵⁵ Nangako ang Diyos, na Kanyang pagpapalain, subalit ang mga pagpapalang iyon ay nasa ilalim ng mga kondisyon. At kailangan ninyong matugunan ang mga kondisyong iyon, upang mapagana iyon.

¹⁵⁶ Nakaupo, kani-kanina lang, kasama ang isang munting, malambing na batang babae dito. Una, sinuyod kong mabuti ang pamilyang iyon, upang makita kung may anumang problema. Magpapagaling ang Diyos, ngunit nasa ilalim iyon ng mga kondisyon. Kita n’yo? Ang nag-iisang bagay na nakita ko, ay, takot ang ina na mali ang uminom ng gamot. Sabi ko, “Huwag mong isipin iyon, kapatid. Alisin mo iyon sa isip mo. Pumunta ka na sa bata. Ibigay mo sa kanya ang gamot na iyon. Ipaalam iyon ng Diyos.” Kita n’yo?

¹⁵⁷ Ngayon, subalit, ang importante ay, saliksikin, alamin. At pagkatapos, kung ito’y GANITO ANG SABI NG PANGINOON, sige.

¹⁵⁸ Ngayon nalaman natin dito na, ang mga taong ito, sinusubukan nilang gumawa ng isang bagay; si Hagar at—at si Sarah, upang tulungan si Abraham, tulungan ang Diyos na maisakatuparan ang Kanyang pangako. Hindi mo iyon magagawa. Walang paraan, man lang, na magagawa ito. Ito’y—laban ito sa lahat ng bagay. Magaganap ang Salita ng Diyos, paano’t paano man. Dapat lamang kayong manindigan mismo sa Salita, at sabihin, “Ito’y sa *ganitong* paraan,” at manghawakan sa Salita. Ngayon, masdan, ang gumawa ng isang bagay upang palitan ang lugar ng Kanyang Salita!

¹⁵⁹ Marahil ang mga kaibigan ni Abraham, din, kung napansin natin, marahil dumaan ang mga kaibigan ni Abraham at nagsabi, “Buweno, ama ng mga bansa, ilan na ba ang anak mo ngayon?” Noong isang daang taon na siya. “Hoy, ama ng mga bansa, ama ng marami, ilan na ba ang mga anak mo ngayon?” Mga mangungutya!

¹⁶⁰ Ngayon, hindi ba ninyo nakita ang panahon? Hindi ba’t nakita na natin iyon, na kapag kung minsang nanalangin tayo para sa isang bagay, ay hindi iyon nagaganap?

¹⁶¹ “Naritong nakaupo ang isang matandang lalaki,” sinasabi nila. “Bulag siya. Bingi siya. Pipi siya. May sakit siya. Ginawa

niya ang *ganito*. Pumunta kayo doon at pagalingin siya, kayong mga Makalangit na tagapagpagaling. Paniniwalaan namin ito.”

¹⁶² Nalalaman kaya nilang iyon din ang Diablong iyon na nagsabi, “Bumaba Ka mula sa krus, at maniniwala ako sa Iyo. Gawin Mong tinapay ang mga batong ito, at maniniwala ako dito”? Kita n’yo? Ang Diablo ring iyon na nagpiring ng isang basahan sa mga mata ng ating Panginoon, at hinampas Siya sa ulo ng isang tungkod, at nagsabi, “Ngayon, kung Ikaw nga ay isang propeta, sabihin Mo sa amin kung sino ang humampas sa Iyo, at maniniwala kami sa Iyo.”

¹⁶³ Buweno, alam ninyong alam Niya kung sino ang humampas sa Kanya. Kaya naman Niyang gawing tinapay ang mga batong iyon. O, kaya naman Niyang bumaba mula doon sa krus. Ngunit ano na kaya tayo ngayon kung ginawa nga Niya? Kita n’yo? Hindi nila alam ang programa ng Diyos. Dapat ninyong alamin kung ano ang ipinangako ng Diyos.

Ngayon dapat na akong magmadali.

¹⁶⁴ Ngayon, ngayon sinabi marahil nila, “Ama ng mga bansa, narinig ka namin, dalawampu’t limang taon na ang nakakaraan, na nagsabing magkakaanak ka kay Sarah, at mula doo’y magsisilabas ang mga bansa ng mga tao. Ilan na bang anak ang mayroon ka ngayon, ama ng mga bansa?” Huh! Kita n’yo? Iyon ang siya pa ring dating mapagpunang espiritu na namumuna.

¹⁶⁵ Ano’ng ginawa ni Abraham? Sabi, “Hindi siya nag-alinlangan sa pangako, sa kawalang pananampalataya.”

“Aba, narito’t ipinanalangin mo si *Ganito-at-ganyan*, at hindi sila gumaling.”

¹⁶⁶ Wala namang saysay iyon. Kung manalangin man ako para sa sampung libo mamayang gabi, at sampung libo ang namatay kinaumagahan, bukas ng gabi’y lalangisan ko pa rin ang mga maysakit at mananalangin para sa kanila. Sinabi nga ng Diyos. Hindi ito mapahihinto, ni katiting na saglit man. Ipinangako ito ng Diyos. Sumasampalataya ako dito. Tiyak nga. Walang pagkakaiba anuman ang sabihin nila, pa rin. Ngunit, mangungutya sila. Iyon ang kadustaan ng Salita.

¹⁶⁷ Si Abraham, na naninindigan sa Salita ng Diyos, sa wakas ay naisakatuparan iyon. Oh, naku!

¹⁶⁸ Masdan ang pagiging kinukutya dahil sa pagkabaog. Kinukutya, at ang kadustaan ng pagkabaog, muna. Kinailangan nilang. . . Kinailangan niyang tiisin ang kadustaan ng pagiging baog sa buong panahong iyon. Halos isang daang taon na siya. Siyamnapu na siya, na may Salita ng Diyos na siya rin ay magiging *prinsesa*, isang ina ng batang ito. At siya at si Abraham, baog, kapuwa ang kanilang—kanilang mga katawan ay tila ba patay na, ngunit gayunman hindi nila pinag-alinlanganan ang Salitang iyon, ni katiting man. Subalit

kinailangan nilang tiisin 'yon, muna. At pagkatapos, aleluya, tinupad ng Diyos ang Kanyang Salita, sa madilim na oras na 'yon: ipinanganak si Isaac. "At ang kanyang binhi ay gaya ng mga buhangin ng dagat o ng mga bituin sa Langit." Kita n'yo? Tinutugon sa tuwina ng Diyos ang Kanyang Salita. Oo. Ang pagkabaog muna, pagkatapos ay si Isaac na.

¹⁶⁹ Sina Zacarias at Elisabet, din naman, ang matandang lalaking iyon at ang matandang babaeng iyon, na nanghahawakan pa rin. At nang magtungo doon si Zacarias, at nakakasulat sa kanyang talaan, at sabi, "Kinatagpo ako ng isang Anghel, sinabi sa akin na ako'y magkakaanak ng isang sanggol kay Elisabet, na aking matandang maybahay rito. Hindi na ako makakapagsalita pa. Napipi ako. Mananatili akong pipi hanggang sa araw na maisilang ang bata. Ngunit may isang batang darating, at siya'y magiging propeta ng Kataas-taasan. Ipakikilala niya ang Bituin sa Umaga. Siya'y isang tagapagpauna ng Mesiyas." Paano mangyayari 'yon?

¹⁷⁰ Ang sabi ng ilan, "Kawawang matandang lalaki. Oh, ako—sa palagay ko'y tila ba medyo nawala na siya sa kanyang katinuan, alam n'yo na. May kung anong kaunting bagay. Subalit tingnan ang matandang Elisabet doon, na halos walumpu na. At tingnan—tingnan—tingnan n'yo si Zacarias, napakatanda na at nanginginig, at pagkatapos ay magsasabi siya ng isang bagay na gaya niyon. Buweno, kawawang matandang lalaki."

¹⁷¹ Ngunit nasa kanya ang Salita ng Diyos. Isa talagang kadustaan, hanggang sa itinago niya ang kanyang sarili nang ilang araw. Ngunit nanatili siya sa Salita. Oh, naku!

¹⁷² Tinatanggihan ang kasikatan, tinatanggihan ang palagay ng nakararami, tinanggihan ang kinang ng panahon, at ang mga uso at mga ganung bagay ng kanilang panahon. Tinanggihan nila iyon. Tumanggi silang lumakad kasama ang malaking grupo ng mga hindi mananampalataya. Tinanggihan nila ang mga bagay ng sanlibutan. Kinailangan nilang gawin iyon, upang manatili sa Salita ng Diyos. Kinailangan nilang gawin iyon.

¹⁷³ Ganoon din iyon ngayon. Ihiwalay mo ang iyong sarili sa lahat ng bagay kundi ikaw at ang Diyos lamang. Ito'y hindi ang ginagawa ng iglesya. Ito'y kung ano ang ginagawa mo sa Diyos. Kita n'yo? Ito'y ikaw, bilang isang indibidwal. Oo.

¹⁷⁴ Ngunit tingnan kung ano ang ibinigay sa kanya ng Diyos. Noong dumating si Jesus Mismo, wala na si Zacarias, maging si Elisabet, din. Ngunit nang magpunta ang kanilang anak sa ilang, na may GANITO ANG SABI NG PANGINOON, sinabi ni Jesus, "Walang lalaking ipinanganak ng isang babae na kasing dakila niya." Amen. Ano? Tiniis ng naturang babae ang kadustaan ng pagkabaog. Nanatili siya sa Salita, at isinilang ang anak na iyon.

¹⁷⁵ Gaya ni Sarah noon, gaya ni Abraham noon, nanghawakan dito ang matandang mag-asawa. Tingnan, karamihan ng

ipinanganak, na “gaya ng mga buhangin sa dagat,” walang lahi ng mga tao sa mundo na kasing dami ng mga Judio. “Gaya ng mga buhangin sa mga dagat o ng mga bituin sa langit.” Ano’ng nangyari? Naganap ito doon sa minorya, isang bata.

¹⁷⁶ Ngayon ay nakita n’yo na kung ano ang tinutumbok ko. Isang anak, iyon lamang ang kinailangan. Kinailangan lamang ng isang bata upang yumanig sa mga bansa at tumuro sa Mesiyas. Kinailangan ng isa, na masunurin. Tama iyon. Isang tao lamang ang kailangan ng Diyos. Iyon lamang ang kailangan Niya, kung saan Siya magkakaroon ng isang tinig. Iyon lamang ang nais Niya, ang kumuha ng isang tao sa Kanyang pamamahala. Oh, gaano Niya kaibig na makakuha ng isang tao!

¹⁷⁷ Kumuha Siya ng isang Noe, minsan. Kumuha Siya ng isang—kumuha Siya ng isang Moises, minsan. Kumuha Siya ng isang— isang Jeremias. Kumuha Siya ng isang— isang Elias. Kumuha Siya ng isang Eliseo. Kumuha Siya ng isang Juan. Siya— kumuha Siya. . . Kumuha Siya ng isang Samson. Hangga’t makakakuha Siya ng isang tao sa Kanyang pamamahala, iyon ang Kanyang Tinig. Makakapangusap Siya sa pamamagitan nito. Mahahatulan Niya ang sanlibutan. Oh, naku!

¹⁷⁸ Gaano Siya nasasabik at naghahangad, upang makakuha ng isang tao sa Kanyang pamamahala, “Upang makapangusap Ako sa pamamagitan niya. Magagawa Kong maihayag ang Aking Tinig. Kahit na tiisin niya ang pagdudusta, subalit ipahahayag Ko ang Aking Tinig.” Kita n’yo? Oh, oo.

¹⁷⁹ Pagkabaog, muna. Kailangang maging wala, kailangang tiisin ang kadustaan ng pagkabaog. Kinailangang tiisin iyon ni Sarah. Gayun din nina Zacarias at Elisabet na kailangang tiisin iyon.

¹⁸⁰ Tingnan n’yo, ngayon. Ngayon may sasabihin akong isang bagay. Tingnan n’yo ngayon ang mga anak ng patutot. Dinala na niya ang mga bansa sa ilalim ng pamumunong pulitikal ng denominasyon, ang patutot at ang kanyang mga anak na babae. Tingnan kung anong henerasyon ng mga denominasyon ang nagsilitaw, at kung gaano kakaunti ang mga matuwid. Huwag kayong mag-alala. Manatili sa Salita. Ayos lamang ’yon.

¹⁸¹ Maaaring kutyain kayo, tawaging holy-roller. Maaaring tawagin kayo ng lahat na, lahat na ng uri ng masamang pangalan. Ngunit, manatili lamang mismo doon, Ito’y ang Salita, ang kadustaan ng Salita, ang bagay na sasabihin nila tungkol sa inyo.

¹⁸² Isang kabataang lalaki, maaaring narito siya ngayong umaga. Kaibigan ko siya; si Jim Poole, ang batang Jim, ang kanyang—kanyang mga kamag-anak. Tinanong siya noong isang araw. Buweno, nabautismuhan siya rito. May isang nagsabi sa kanya, sabi, “Kung babautismuhan ka sa isang iglesya, bakit hindi ka pumili ng isang malaking iglesya, o parang ganun?”

Kita n'yo? Ngunit nakita niya ang Liwanag. Iyon na 'yon. Kita n'yo?

¹⁸³ “Higit ang mga anak ng kalikuan kaysa sa matuwid.” Oo. Siyanga. Kung gaano sila kakaunti, ang sa matuwid! Tingnan kung gaano kakaunti ang naroon noong panahon ni Noe. Kita n'yo? Tingnan kung ano ito noong panahon ng Sodoma. Kita n'yo? Kung gaano kakaunti ang mga matuwid!

¹⁸⁴ Gaano karami ang mga anak ng patutot! Basta lamang siya nanganganak sa kung anong lumang paraan, subalit lahat sila'y mga bastardong anak. Nanganganak ang patutot ng patutot. Nanganganak ang aso ng aso.

¹⁸⁵ At nagluluwal ang Cristo ng pinahiran. Nagluluwal ang Biblia ng matuwid, kaya kailangan nating tiisin ang kaisipan ng pagiging isang maliit na pangkat. Anong isang mabiyayang bagay nga ito!

¹⁸⁶ Tingnan n'yo ang dakilang iglesya sa Efeso, mayroon lamang labindalawa dito. Oo. Tingnan kung anong pangkat mayroon tayo ngayon, sa panig nila. Siyanga.

Mayroon lamang walong kaluluwa noong panahon ni Noe.

¹⁸⁷ Mayroon lamang lima noong panahon ni Lot, hindi, apat; si Lot at ang kanyang asawa, ang kanyang dalawang anak na babae. At naging isang haliging bato ang asawang babae matapos na siya'y makalabas, dahil sa paglingon. Ang totoo, tatlo ang nakalabas noong araw na iyon.

¹⁸⁸ At sinabi ni Jesus, “Kung paano noong mga araw na iyon.” Nararapat sa atin na magbantay at mag-ingat. Kung gaano kakaunti ang matuwid! Ngunit, kung paanong sa tuwina, dapat mandusta ang mga mangungutya. Ang pagkaba- . . .Tiisin ang kadustaan ng pagkabaog, muna. Naku!

¹⁸⁹ Sadyang kailangan ko nang magmadali. Ako'y . . .Ako'y hindi . . .Gusto kong makapag-umpisa na para sa mga batang ito. Kaunting tiis na lang. Kita n'yo?

¹⁹⁰ Ang mga tao'y ganoon na noon pa. Ngayon may sasabihin na naman ako. At nais ko kayong . . .At hindi ko alam kung itinetep ba ito, o hindi. Pero kung nakateyp ito, nais kong makinig kayo sa akin, kayong mga nakikinig sa teyp. Huwag n'yo itong palagpasin, kundi pag-aralan ito. Ang tao ngayon ay gaya ng kung paano siya noon pa man. Pinapurihan niya ang Diyos sa kung ano ang ginawa Niya; sabik na hinihintay kung ano ang Kanyang gagawin; at binabale-wala kung ano ang Kanyang ginawa at ginagawa. Pinupuri niya ang Diyos para sa Kanyang ginawa; sabik niyang hinihintay kung ano ang Kanyang gagawin; subalit binabale-wala kung ano ang ginagawa ng Diyos, at doon niya napalalagpas ang buong bagay. Umaasa akong makukuha nila ito. Kita n'yo? Binabale-wala kung ano ang Kanyang ginagawa! Alam niya kung ano

ang Kanyang ginawa; at alam niya ang pangako na Kanyang gagawin; ngunit nabibigo siyang makita kung ano ang Kanyang ginagawa.

¹⁹¹ Oh, kayong mga Pentecostal, kung hindi ba naman kayo halimbawa niyan! Sabik kayong naghihintay sa isang bagay na magaganap: gaya noon pa man, naganap na mismo sa harap ninyo, at hindi n'yo iyon alam. "Makailang inibig Niyang lukuban kayo, gaya ng inahing manok sa kanyang mga sisiw, subalit ayaw ninyo." Mas pinahalagahan pa ninyo ang inyong mga tradisyon at mga denominasyon kaysa sa ginawa n'yong pagpapahalaga sa Kanyang Salita at sa Kanyang Espiritu. Oo.

¹⁹² Anong kadustaan kay Maria! (Habang tayo'y papatapos na.) Anong kadustaan kina Maria at Jose, dahil sa Kanyang Salita. Panahon na ng Kapaskuhan. Binabalak ko sanang patagalin pa nang kaunti, ngunit maririnig ninyo ang karamihan nito sa radyo at sa mga pastor, at iba pa. Anong kadustaan kina Maria at Jose, ang manghawakan sa pangako ng Salita ng Diyos. Alalahanin, ngayon. At ang panunuya, na nagtaas ng kilay, nang kanilang makitang dumaan ang kalugud-lugod na si Maria, pagkakita kay Jose. "Pakakasalan mo ang isang patutot." Kita n'yo? At alalahanin, kapatid, kamatayan ang pangangalunya noong mga panahong iyon. "Ngayon, iiwas mo siya na mapatay. Siya'y magiging ina sa pamamagitan mo." At, subalit, alalahanin, sa lahat ng panahon, kinakaugnay sila ng Diyos, at iyon ay ayon sa Salita. At hindi nila alam iyon. Kita n'yo?

¹⁹³ "Isang birhen ang magdadalantao." Alam iyon ni Jose. Alam iyon ni Maria, dahil, matapos maisulat ang Salita, may isang Anghel na kumakausap noon sa kanila, pinatotohanan, o ipinapahayag ang mismong Salita na nasulat, na siyang magaganap. Huwag nang managinip ngayon. Isipin. Bumaba ang Espiritu Santo sa lupa; hindi nangusap sa buong kongregasyon. Nangusap Siya sa kanila.

¹⁹⁴ Tumingin si Jose. At bago siya dalawin ng Anghel, sabi niya, "Buweno, ngayon, mahal ko siya. Ngunit, isa akong matuwid na tao. Hindi ko magagawang pakasalan ang ganoong babae."

¹⁹⁵ At nagpakita sa kanya ang Anghel ng Panginoon, sa isang panaginip, at sinabi, "Jose, ikaw na anak ni David, huwag kang matakot na kunin si Maria na maging iyong asawa, sapagkat ang kanyang ipinaglilihi ay sa Espiritu Santo." Oh, naku! Anong kaluwagan! Kita n'yo?

¹⁹⁶ At, si Maria, sa kanyang daan patungong balon. Ang munting dalaga, mga labimpitong taong gulang, labingwalo, magpapakasal sa isang lalaking nagkaroon na ng asawa dati at may apat na anak na; isang matandang lalaki. At ang dalaga ay... Mahal niya ito, at—at hindi niya alam kung bakit. At mahal siya nung lalaki, at hindi nito alam kung bakit. At heto sila, paparating, patungo sa balon, upang kumuha ng

kaunting tubig. At ang lahat ng mga pag-aaral sa mga bagay na kanyang—kanyang iniisip, ang Mga Kasulatan, walang duda, at pagkatapos isang Liwanag ang suminag sa kanyang harapan. Nang suminag ang Liwanag na iyon, narooong nakatayo ang isang Anghel.

¹⁹⁷ Ano kaya ang nadama ng munting si Maria? Naisip na ba ninyo iyon? Iniisip ko kung nakadama kaya siya ng ganoong takot gaya ng naramdaman ko kahapon.

¹⁹⁸ “Hail, Mary!” Ang *hail* ay nangangahulugang “huminto.” “Bigyang pansin kung ano ang sasabihin ko sa iyo. Pinagpala ka sa mga babae, sapagkat nakasumpong ka ng paglingap sa Diyos, at ikaw ay manganganak ng isang Bata. Na walang nakikilalang lalaki, ngunit ikaw ay magkakaroon ng isang Anak. At ang iyong pinsang si Elisabet, na matanda na, rin, siya rin naman ay nagdadalantao, at manganganak. At magaganap ang mga tandang ito.”

Sabi niya, “Paano mangyayari ang mga ito, nalalaman, samantalang ako’y hindi pa nakakakilala ng lalaki?”

¹⁹⁹ Sabi niya, “Lililiman ka ng Banal na Espiritu. Ang Banal na Bagay na iyon na isisilang sa iyo ay tatawaging ang Anak ng Diyos.”

²⁰⁰ Hayaang sabihin ng mga mangungutya kung ano ang gusto nila. Alam niya ito. Alam niyang magkakaganoon ito, dahil sinabi ng Diyos.

²⁰¹ Ngayon, kung gaano marahil ang kanyang nadama, noong araw na iyon ng paghahandog, o ang pagpunta para sa pagtutuli sa Bata, nang naglalakad siya roon na karga itong munting Sanggol sa kanyang mga bisig, nang *paganyan*. At lumalayo ang lahat ng mga babae, ang lahat ay may magandang burda, upang ihandog ang kanilang mga anak at ipatuli ang mga ito, at halos lahat sila’y may hila-hilang kordero. Subalit siya’y may dalawang batu-bato, na lumilinis para sa kanyang sariling pagdadalisay. Ang munting Sanggol ay nakabalot ng lampin, na gawa sa inalis na pamatok sa likod ng batok ng isang baka, pamatok, ’yung saping pambalot sa likod ng baka. Iyon lamang ang lampin sa pasabsaban. Wala silang anuman para sa Kanya. Napakahirap nila. At narito siyang nakatayo.

²⁰² Walang duda, na lahat ng mga babae’y dumistansiya mula sa munting birhen. Sabi, “Nakita n’yo, may bastardo siyang anak.” Tingnan n’yo kung gaano ginagawa ng Diyos na radikal tingnan ang mga bagay. Oh, naku! Sadyang tinabingan Niya mismo ang mga mata ni Satanas. “Gaano kasama! Gaano karumi! Pangangalunya. Iyon siya. Isa siyang babaeng mangangalunya.” Hindi niyon napahinto ang tibok sa puso ng munting si Maria. Lumayo sila sa Kanya.

²⁰³ Ginagawa pa rin nila ang ganoong bagay, tinatawag Siya ngayon na, “Holy-roller, o panatiko,” o kung ano.

Alam ni Maria kung Kaninong Anak iyon. Nagpatuloy lamang siya, ganoon pa rin.

204 Ngunit, oh, hindi ba't dapat ay napansin nila noong, si Simeon, na nakaupo doon sa likuran ng silid, pinangakuan siya? Nagpalibot-libot siya, na nagpropesya. Sabi niya, "Nagpakita sa akin ang Panginoon." At sabi, "Hindi ko makikita ang kamatayan. . ." At walumpu't-mahigit na siya noon. "Hindi ko makikita ang kamatayan hanggang sa makita ko ang Kanyang pagliligtas."

205 "Oh, Simeon, matanda ka na, anak. Ang iyong—ang iyong. . . Ang matandang lalaki ay nagkaroon na sa kanyang ulo, ng alam n'yo na, siya'y medyo. . . Hayaan na lamang siya. Hindi siya mapanganib. Hindi siya mananakit ng sinuman."

206 Ngunit may Salita ng Panginoon si Simeon, sabi, "Nakita ko ang Espiritu ng Diyos na bumababa sa akin. Tumayo ako at tumingin sa Kanya. Sinabi Niya sa akin, 'Simeon, naging isa kang matuwid na tao. At hindi ka. . . Ikaw ay gagawin kong patotoo doon.'" Uh-huh. Iyon lang.

"Para saan Mo iyon gagawin, Panginoon?"

"Ako na ang bahala doon."

207 Ang aking palagay ay, na kaya Niya talagang ibuhos ang baga sa kanila, sa Araw na iyon. "May isa kayong saksi. Bakit hindi kayo makinig dito?"

208 Naroon ang matandang bulag na si Ana, na nakaupo sa templo, nagdadasal. Inihayag sa kanya ng Panginoon, "Tama si Simeon." Amen. Hindi niya makita ang kaibahan ng liwanag sa dilim, ngunit mas malayo ang kanyang natatanaw kaysa sa maraming tao sa araw na ito na may malilinaw na mata. Nakita niya, sa Espiritu, na ang darating na Mesiyas ay malapit na, ang Espiritu na kumikilos sa kanyang puso.

209 Nakita n'yo ba kung gaano kakaunti ang Iglesya doon? Sina Zacarias, Elisabet, Maria, Juan, Ana, at Simeon; anim mula sa ilang milyon. Gaya sa panahon ni Noe. Anim sa kanila. Nakipag-ugnay ang Diyos sa bawat isa sa kanila. May pagkakaisa silang lahat. Nagsama-sama silang lahat. Amen.

210 Narito, ang matandang Simeon. Heto nang palapit ang munting Sanggol. Wala siyang narinig na anuman tungkol dito. Narito ang Sanggol. At noo'y nakaupo sa kanyang silid si Simeon, at dumating sa kanya ang Espiritu, sabi, "Lumabas ka, Simeon."

211 Narito't nagtungo siya, naglalakad, hindi alam kung saan siya patungo. Gaya ni Abraham, naghahanap siya ng isang bagay. Hindi niya alam kung nasaan ito, ngunit nagpatuloy pa rin siyang kumilos. Pagkatapos ng ilang sandali, huminto siya. At sinabi marahil sa kanya ng Espiritu Santo, "Hayun Siya."

212 Inabot niya, ang mga bisig ni Maria, kinuha ang Sanggol sa kanyang mga bisig. Tumingala at nagsabi, “Panginoon, papanawin na ngayon ang Iyong alipin sa buhay na ito nang payapa. Ang aking mga mata ay nakatingin na sa Iyong pagliligtas.” Ang bagay na ginagawang katatawanan ng lahat, kung ano ang iniwasan ng mga kababaihan, sinabi ni Simeon, “Ito ang Iyong pagliligtas, Panginoon.”

213 At nang mga sandaling iyon, naritong paparating ang isang matandang bulag na babae, na hinahanap ang kanyang daan sa paligid, pagiray-giray sa pagdaraan sa gitna ng mga tao. At humantong siya sa Kanya, at nagpropesiya rin siya, sapagkat hinahanap niya Siya. Sinabi niya kay Maria, “Tatagos ang isang tabak sa iyong puso, datapuwat ihahayag Nito ang iniisip ng maraming puso.” Kita n’yo? Ano iyon?

214 Ngayon, sa palagay ko, ilan sa mga babaeng iyon ang nagsabi, “Ngayon nakita n’yo iyon! Nakita n’yo na ba kung anong klase iyon? Hayan nga. Kita n’yo? Iyon na. Nakita n’yo kung saan ’yon? Ang matandang lalaking iyon, na may tama na sa ulo. Naroon siya sa banda roon, na nakatayo doon sa harap ng babaeng patutot na iyon, na sinisikap sabihin ang ganooon bagay. Hayan na. Ang bastardong Sanggol na iyon. Tingnan n’yo ’yung matandang si Ana, na nakaupo dito, pinapatay ang sarili niya sa gutom, at nagpapatuloy nang ganooon. Ayaw niyang magkakaroon ng anumang kasayahang gaya ng ginagawa natin. Pero, hayan na, kita n’yo. Maaari siyang mapabilang sa lahat ng samahan dito sa bansa. Nagmula siya sa isang mabuting pamilya, kita n’yo, at maaari siyang mapabilang doon. Ngunit hayun siya. Nakikita n’yo ba kung paano nagsasama-sama ang pangkat na iyon?” Oh, siyanga. Amen

215 Ganooon din ngayon. “Nakaupo sa Sangkalangitan kay Cristo Jesus, na itinataas ng Espiritu Santo.” Tiyak. Siyanga, po.

216 Oh, mayroon pa ba tayong kaunti pang oras? May kailangan akong sabihin. [Sinasiabi ng kongregasyon, “Oo.”—Pat.]

217 May isa pa akong tauhan dito, na tinitingnan ko, noong panahong iyon kung kailan inihahayag ang Salita, ang mga pantas na lalaki.

218 Sana may oras pa ako, Fred, para basahin mo iyan. Nasa bulsa mo ba ito? [Sinasiabi ni Kapatid na Fred Sothmann, “Oo.”—Pat.] Sa palagay ko’y marami na sa inyo ang nakakita nito sa magasin.

219 Ang bagay na ipinangusap ng Banal na Espiritu dito sa ilog, tatlumpu’t tatlong taon na ang nakakaraan, hinukay lamang nila ito. Ika-9 ng Disyembre, pinatutunayan ito, ng astronomiyang iyon, kung paano na—na ’yung Jupiter at ang mga bituing ’yon, sa kanilang konstelasyon!

220 Mayroon silang isang lumang astronomiyang kale-... mga tanda dito, na nahukay nila. Iyon mismo ang oras na

lumitaw itong konstelasyon, sa konstelasyon ng mga bituing ito at tumutumbok doon mismo sa Babilonia, at dinala ito ng mga pantas na lalaki. Naaalala n'yo? Tinawid nila ang kanilang iniinugan, pumaimbulog pababa, bilyun-bilyong taon ng liwanag muli ang layo. At ang mga pantas na Judiong iyon na naroon sa Babilonia, nakita nila ang pangkat na iyon na nabuo sa konstelasyon na iyon, ng mga bituing 'yon. Tatlo sa kanila ang pumasok, na magkakasama, at binuo ang isang iyon na tala sa umaga. At alam nila na sa pamamagitan ng Salita ng Diyos, na iyon na ang oras, kapag nagsama-sama na ang mga bituing iyon, na ang Mesiyas ay nasa lupa na.

²²¹ Iyon ang dahilan kaya nagsimula silang, “Nasaan Siya, na ipinanganak na Hari ng mga Judio? Nasaan Siya? Sa kung saan! Sapagkat, kapag lumitaw na ang mga bituing iyon, hanggang sa ang kanilang pangkalangitan na mga katawan ay maging isang malaking pangkalangitang katawan na ito rito, kapag nagkasama-sama na ang tatlong iyon, nasa lupa na ang Mesiyas sa panahong iyon.” At nang kumilos na ang mga iyon sa kani-kanilang mga iniinugan, alam na ng mga taong iyon na nasa mundo na ang Mesiyas.

²²² Mga bihasa sila sa kanilang larangan. Sila'y mga dakilang tao. Mga bihasa sila sa kanilang larangan sa panrelihiyong agham. Nagbabantay sila sa panrelihiyong panig nito. At nakita nilang lumabas doon ang mga bituing iyon, ang Jupiter at Sargas, at pagkatapos ay kumilos sa kanilang—kanilang linya. At sinabi nila, “Alam naming ang Mesiyas ay nasa kung saan. Kaya, nasa Jerusalem Siya dapat, sapagkat iyon ang pangunahing lugar para sa relihiyon ng mundo, ng relihiyon ng Mesiyas. Iyon ang kanilang mga punong-himpilan. Iyon ang mga punong-himpilan ng denominasyon. Doon naman nakaupo ang malaking eklesiyastikong pangkat.”

²²³ At nagtungo silang sakay ng mga kamelyo, nang dalawang taon, patawid doon sa Ilog Tigris, at dumaan sa mga tubigan at mga kagubatan, naglalakbay, patungo sa bayan, na puno ng kagalakan ang mga puso.

²²⁴ Alam nila kung kailan ang mga bituing iyon ay nakalutang doon. At ito, sinasabi maging ng mga astronomo, ngayon na, “Kung talagang ang mga 'yon, ang mga bituing iyon, ay dadakong muli sa lugar na 'yon, bubuo ito ng isang bituin, mula sa kung saan sila nakatayo, habang nakatingin.” Ngunit kailangang nakatayo sila mula sa dakong iyon, upang makita ito. Amen. Amen.

²²⁵ Depende sa kung saan ka nakatayo. Depende sa kung ano ang iyong tinitingnan. Uh-huh. Oo.

²²⁶ Kaya nakita nila ito, at sinundan nila ito, at nakaayon sila sa linya. Saan pa man sila mapunta, ito'y nakaayon sa linya nila. Inaakay sila nito. Kita n'yo?

227 Ganoong paraan dapat ninyo paghanayin ang lahat ng Mga Kasulatan nang sama-sama, lahat, pagkatapos ay manatili sa linyang iyon ng Mga Kasulatan. Iyon lamang ang tanging daan. Aakayin kayo nito nang direktso mismo sa Kanya. Tiyak nga.

228 Ngayon pansinin. Heto na silang paparating, sumisigaw, “Nasaan Siya, na ipinanganak na Hari ng mga Judio?” Patungo sa Jerusalem, inakay sila ng Bituin patungo doon mismo, direktso mismo sa punong-himpilan ng mga denominasyon. Ngunit nang nagpaiwan na sila dito, ay iniwan na sila ng Bituin. Nagpunta sila sa bayan, paroon-at-parito sa lansangan. Inakala nila na maginging puno ng kagalakan ng Diyos ang bayan. Paroon-at-parito sa lansangan, na may kagalakan, nagtungo sila, na sumisigaw, “Nasaan Siya na ipinanganak na Hari ng mga Judio? Nakita namin ang Kanyang Bituin noong kami ay nasa Silangan, at pumarito kami upang sambahin Siya.”

229 Alalahanin, ang Bituin, nagtungo sila pakanluran. Naroon sila sa Silangan. “Patungong kanluran, nagpapatuloy pa rin. Akayin kami sa . . .” Kita n’yo? Sila’y lubos na . . . Sila ay . . . Buweno, ang Babilonia at India ay nasa gawing Silangan ng Palestina, bandang timog-silangan. At pakanluran sila. “Akayin pakanluran,” alam n’yo ang awit, “nagpapatuloy pa rin. Gabayan kami patungo doon sa sakdal na Liwanag.” Kita n’yo? Patungong kanluran ang mga pantas na lalaki. Paalis ng Silangan, pakanluran, at nakita nila ang Bituing iyon. Ngayon, kung nasa Kanluran sila, na nakatinging pabalik, hindi nila Iyon nakita. Kita n’yo?

230 Sila, nang makarating sila doon, ginabayan sila Nito patungo mismo doon, pagkatapos ay iniwan na sila Nito. At naisip nila, “Narito na ’yon. Umalis na ang Bituin, kaya narito na ’yon.” Naroon sila sa bayan. Kaya, “Oh, naku,” sabi nila, “bawat isa ay sadyang umaawit at masaya. Niliwanagan ng kaluwalhatian ng Diyos ang lahat ng bagay. Kaya, narito na tayo. Alam natin na ang ating—alam natin na ang natamo natin, sa pagmasid natin sa konstelasyong iyon, walang isa man, walang bihasa, na makapupunta doon at pagsama-samahin ang mga bituing iyon. At alam natin, na kapag ’yung—kapag ang mga bituing iyon ay magsanib-sanib na maging pangkalangitang katawan na iyon, ’yun na ang panahon na nasa lupa na ang Mesiyas. Ang Mesiyas ay nasa lupa na.”

231 At tuwing napakaraming daang taon, muli nilang dinaraan ang kanilang konstelasyon, nakita n’yo, at pagkatapos ay may isang kaloob na dumarating sa mundo. Pansinin.

232 “Nasa mundo na ang Mesiyas, nang ’yung—nang magsama-sama ang pangkat na iyon ng mga bituin.” At nalaman nilang naroon na Siya, kaya nagpunta sila sa punong-himpilan ng relihiyon, at nagsimulang magpatuloy, na nagsasabi,

nagpaparoo't parito sa lansangan, sakay ng mga kamelyong ito, "Nasaan Siya? Nasaan Siya? Nasaan Siya na ipinanganak na Hari ng mga Judio? Nakita namin ang Kanyang Bituin sa Silangan. Narito Siya sa kung saan. Nasaan Siya? Nasaan Siya? Nasaan Siya?" Huh! Anong kadustaan!

²³³ Nagtungo sila sa punong saserdote. Sinabi niya, sinabi marahil, "Anong nangyayari sa inyong mga lalaki? Aba, kayong lupon ng mga panatiko!" Kita n'yo? Anong pandudusta, sa kanilang siyentipikong tagumpay! Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos, ay nakita nila ang Kanyang Bituin. At mga pantas silang lalaki, matatalino. Sila'y nasa larangan ng agham na panrelihiyon. At batid nila, na kapag naroon na ang mga bituing iyon, nasa kung saan na ang Mesiyas. At heto, ang lugar na dapat sana'y nakabatid nito, ay walang alam na anuman tungkol Dito.

²³⁴ Nakikini-kinita ko, na nakatayo sa lansangan ang mga bata, sabi, "Tingnan n'yo nga iyan. Isang grupo 'yan ng mga panatiko. Pakinggan n'yo sila, na umaawit, 'Nasaan Siya, na ipinanganak na Hari ng mga Judio?' Hindi nila alam na si Herodes ang hari dito. Hindi nila kilala si Obispo *Ganito*." Oh, naku!

²³⁵ "Nasaan Siya na ipinanganak na Hari ng mga Judio? Nakita namin ang Kanyang Bituin sa Silangan."

²³⁶ Sabi nila, "Halikayo, lahat kayong mga pantas na lalaki dito, dito sa palibot." Uh-huh. "Halikayo. May nakikita ba kayong lahat na anumang Bituin sa kung saan?"

"Oh, wala pa akong nakitang bagay na gaya Niyon."

²³⁷ "Kayong lahat na mga astronomo ay magtungo rito. May nakita ba kayong lahat na anumang Bituin sa kung saan?"

"Wala. Wala."

"May nakita ba kayong anumang gaya ng anumang uri ng isang mahiwagang tanda?"

"Wala. Wala kaming nakikitang anumang gaya niyon. Wala."

²³⁸ Wala pa, rin. Ganoon din. Wala silang nakikitang anuman. Hindi nila Ito makita.

"Uh, tawagin natin ang—ang mga ministro. Ano sa palagay ninyong lahat?"

"Wala. Wala kaming nakitang Bituin."

²³⁹ "Buweno, kayo namang mga lalaki na kumukuha ng oras, sa labas dito sa pader? Binabantayan ninyo ang mga bituin. Alam ninyo kung. . . Alam ninyo kung nasaan ang bawat konstelasyon na nasa kalangitan. Alam ninyo ang bawat bituin. May nakita ba kayong anuman?"

"Wala. Wala kaming nakita ni isa mang bagay." Subalit naroon Ito.

240 Luwalhati sa Diyos! Oh, naku! Hindi ba ninyo Ito nakikita? Naroon na Ito ngayon, at hindi nila Ito makita. Nagaganap Ito, sa paligid mismo nila, at hindi nila Ito makita.

241 “Wala. Wala kaming anumang nakita. Oh, nagtungo ako doon. Wala akong nakitang anuman.” Sigurado. Wala nga. Sadyang bulag na bulag. Hindi para sa inyo na makita Ito. Kita n’yo? Kung ganoon kayo kabulag, aba, sigurado, na hindi nga ninyo Ito makikita.

242 Para lamang Ito doon sa kung kanino Ito ipapahayag ng Diyos. Iyon ang siyang makakakita Dito. Ganoon na noon pa man. Tiyak nga.

243 Si Noe iyon na nakakakita ng ulan doon sa kalangitan, alam n’yo na, subalit hindi iyon magawa ng iba pa sa kanila. Kita n’yo? Hindi nila nakita ang ulan doon sa itaas, subalit nakikita iyon ni Noe.

244 Si Abraham iyon na nakakita kay Sarah na hawak-hawak ang sanggol. Tama ’yon. Hindi ang mga mangungutya na nagsabi, “Ama ng mga bansa, ilan na ba ang anak mo ngayon?”

245 Gaanong magagawa nating daanan ang Biblia, ang mga pantas at mga propeta, tuluy-tuloy hanggang sa dulo! “Ang pananampalataya ang katibayan ng mga bagay na hindi nakikita.” Alam nilang ipinangusap ito ng Salita, at naroon nga ito. *Narito* ang katibayan nito. Nakikita nila ito. Ngayon pansinin. Oh, naku!

“Hindi nakikita ng ating mga pantas ang Bituing iyon. Walang katotohanan tungkol Dito.”

246 Bakit? Ang totoo kasi, noong naghahanap sila, at sumama sila sa gayong pangkat, umalis na ang naturang Bituin.

247 Ganoon din ngayon. Iyon ang pumapatay sa maraming Ilaw, tama ’yon, ay ang masabit sa isang grupo na gaya niyan, na ni hindi man lang naniniwala Dito, sa una pa lang. At paano tayo magkakaroon ng isang—ising pagkakaisa ng mga iglesya? “Paano nga tayong sama-samang lalakad malibang tayo’y magkasundo?” Paano ang pagkakaisa ng . . . nitong narito, sa buong mundo, lahat ng—ng mga iglesya, ang pinagkaisang mga iglesya ng mundo? Paano tayo sama-samang magkakaisa, gayong milyun-milyong milya ang layo natin sa isa’t isa? Kita n’yo? Paano natin ito magagawa? Ang mga Evangelical ay kasama natin, at ang *ganito*, at *ganoon*, at *ganoon*, at sama-samang lahat, at gayunman ay sama-samang nagkaisa na may gayong isang lupon ng kabulukan.

248 Kukuha ang Diyos ng isang Asawa na dalisay, banal, walang bahid, na nananatili sa Kanyang Salita. Siyanga.

249 Ang kadustaan ni Jesus dahil sa Salita. (At pagkatapos ay hihinto na tayo, sa isang saglit.) Dinusta si Jesus dahil sa Salita. Tingnan n’yo rito. Paano Niya nakayanang tiisin ang

pandudusta, gayong Siya ang Banal, na Diyos na nagkatawang-tao? Siya ang Diyos, Mismo, na nagkatawang-tao.

²⁵⁰ Ngayon, alam ninyong sinabi nga ng Biblia. “Nahawakan natin Siya. Nakita Siya ng mga Anghel.” Isipin lamang iyon. Sa palagay ko’y sinabi ito ni Timoteo na parang ganoon. Kita n’yo? Na, “Walang pagtatalo ay dakila ang hiwaga ng kabanalan; sapagkat nahayag ang Diyos sa laman, nakita ng mga Anghel.”

²⁵¹ Naroon ang mga Anghel noong Kanyang kapanganakan. Gaanong dumungaw marahil ang mga Anghel at nagalak, nang tumunghay sila sa sabsaban at makita ang Diyos na nagkatawang-tao. Amen. Hindi nakapagtataka na nagsimula silang sumigaw, “Ngayon, sa bayan ni David, ay ipinanganak ang Cristo na Tagapagligtas.” Nagalak ang mga Anghel, at sama-sama nilang ipinagaspas ang kanilang malalaking pakpak, at doon sa mga kabundukan ng Judea, ay nagsiawit sila, “Luwalhati sa Diyos sa kataas-taasan, kapayapaan sa lupa, at mabuting kalooban sa tao.” Nakita nila ang Salita ng Diyos, na kanilang binantayan Ito, upang makita ito na mahayag. At hayun na nga Ito.

²⁵² Ngayon, hindi naniwala doon si Satanas, alam n’yo. Sabi niya, “Kung Ikaw nga . . .”

Sinabi ng Anghel, “Siya nga.” Iyon ang kaibahan.

“Kung Ikaw nga, gawin ang *ganito-at-ganoon*. Tingnan natin na gawin Mo ito.”

Ngunit sinabi ng Anghel, “Naroon Siya.”

²⁵³ Ang mga pantas na lalaki sa kanilang siyensiyang panrelihiyon, ay nagsabi, “Naroon Siya.” Amen.

²⁵⁴ Iyan ang dahilan kaya ang mga arkeologo at lahat na ngayon ay naghuhukay ng mga ganitong bagay, na naipropesiya na ilang taon na ang nakakaraan, na magaganap. At heto na nga sila, na naghuhukay. Ni hindi nga nila . . .

²⁵⁵ Walang kasaysayan na nagsabi kailanman na nabuhay sa lupa si Poncio Pilato. Alam ba ninyo iyon? Ilan sa inyong mga bata sa paaralan ang magsabi sa akin kung saan sa kasaysayan na sinabing may Poncio Pilato nga. At ito’y kinukutya ng mga hindi mananampalataya at ginagawa itong katatawanan, sabi, “Kailanma’y hindi nagkaroon ng isang—ising emperador na Romano na nagngangalang, isang—ising gobernador na nagngangalang, Poncio Pilato.” Ngunit mga anim na linggo na ang nakakaraan, nahukay nila ang batong panulok: Poncio Pilato, gobernador. Oh, naku! Wala talagang kabuluhan!

²⁵⁶ Sabi nila, “Kailanma’y hindi nagkaroon ng isang Rameses sa kasaysayan, Rameses na namuno sa Egipto.” Ngunit nakahukay sila ng isang bato, ang arkeolohiya: Si Rameses, ang ikalawa. Pansinin.

²⁵⁷ At sinabi nila na hindi kailanman gumuho ang mga pader na iyon. Naghuhukay-hukay ang mga arkeologo, at, bigla na lang, nahukay nila, doon sa ilalim na ilalim kung saan gumuho ang mga pader ng Jerico, alam n'yo na, nang tumunog ang trumpeta. Sabi nila, "Isa lamang iyong kathang-isip, isang awit na sinabi ng isang tao, na inawit noon doon." Oo. Sinasabing gayon ng mangungutya. "Isa lamang iyong kathang-isip. Wala namang ganoong bagay na gaya ng gumuguhong mga pader, at hinihipan ni Josue ang isang trumpeta, at tumatakbo patungo sa mga pader at bumagsak ang mga iyon. Wala kailanmang ganoong bagay." At isang dakilang arkeologong Cristiano ang nagpatuloy lamang sa paghuhukay, sapagkat alam niyang ganoon nga iyon. Naghukay siya ng mahigit na tatlung talmampakan, sa ilalim kung saan naroon ang iba pa sa kanila. Naroon ang mga pader, na nakasalansan sa itaas ng isa't isa, gaya nga ng sinabi ng Salita.

²⁵⁸ Sabi nila, "Wala naman talagang bagay gaya ng si David ay nagpapatugtog noon ng kanyang instrumento, na isang alpang de-kuwerdas, dahil ang musikang de-kuwerdas ay hindi pa kilala hanggang sa noong ikalabinlimang siglo na." Sabi, "Walang ganoong bagay." Naghukay ang mga arkeologong Cristiano, doon sa Egipto. Apat na libong taon na ang nakakaraan, mayroon nga silang mga instrumentong de-kuwerdas. Amen. Oh, naku!

²⁵⁹ Sabi nila, tungkol sa mga anak na Hebreo na gumagawa ng mga batong iyon at mga bagay na gaya niyon, mula sa dayami, "Wala namang ganoong bagay." Naghukay ang mga arkeologo doon. Ano ang natagpuan nila? Iyon ay agham. Ano ang natagpuan nila? Ang mga pader ng bayan na itinayo ng mga Hebreo, ang unang hanay ng mga bato ay mahahabang dayami; ang ikalawa'y pinagputul-putol nang maliliit na piraso ng pinagpapasan; at ang ikatlo'y wala nang dayami, man lang. Oh, naku!

Ang mga bansa ay naghihidwaan, ang Israel ay nagigising na,
 Ang mga tanda na una nang sinabi ng mga propeta.

²⁶⁰ Siyanga, po. Kumilos na itong lahat patungo mismo sa atin, kapatid na lalaki, kapatid na babae. Bakit nga ganoon? Sa huling ilang taon, hindi pa kailanman ginawa ng mundo ng pelikula ang ginawa nito. Sa tabing ay lumabas ang isang kuwento ng *The Ten Commandments* na gawa ni Cecil DeMille. Lumabas sa tabing ang buhay ni Jesus Cristo sa pamamagitan ng *Ben Hur*. Sa tabing ay lumabas ang *The Big Fisherman*, ang pagsampalataya ni Pedro. At lahat ng mga panrelihiyong palabas na ito, na tinanggihan ng mga pelikula, at minasama, at ibinasura. Subalit, ang Diyos, sa Kanyang dakilang kapangyarihan, ay ipinalabas pa rin iyon, ganun pa man.

261 Ngayon mismo, ang mga bagay na iyon na nasabi na ilang taon na ang nakakaraan, isang hamak, na munting abang lingkod, ako, ng Diyos. Sabi ko, “May isang Ilaw na tumayo at nakipag-usap sa akin, at sinabi sa akin ang mga bagay na gagawin.” Nagtawanan ang mga tao at nagsabi, “Medyo nawawala na siya sa katinuan.” Naroon ang isang larawan Nito. Kinunan Ito ng siyensiya. Naroon Ito. Ito ang Katotohanan.

Sabi ko, “Nalililiman ng kamatayan ang babae.”

262 Sabi nila, “Gaya ng anino, ha, walang saysay ’yan. Ginagawa lamang niya iyon sa kanyang isipan.”

263 Naroon ang larawan nito. Pasisigawin ng Diyos ang mga bato. Kaya Niyang gawin kung ano ang gusto Niya.

264 Si Jesus, ang kadustaan para sa Salita. Ang Banal na Anak ng Diyos na nakatayo doon, si Emmanuel, anong kadustaan! Hinayaang igapos Siya ng makasalanang hindi mananampalataya, duraan ang Kanyang mukha at bunutin ang sandakot na balbas at hamunin Siya na gumawa ng anuman tungkol dito. Ang pagkadusta dahil sa Salita! Uh-huh. Ano? Upang isakatuparan ang Salita ng Ama. Oh! Subalit, alalahanin, dapat Niyang tiisin ang kadustaan ng kamatayan. Ang Diyos, Na hindi maaaring mamatay, at ang Nag-iisa na maaaring mamatay upang iligtas ang isang makasalanan. Wala nang iba pa, walang ikalawang persona o ikatlong persona, na makagagawa nito. Ang Diyos Mismo ang Nag-iisang makagagawa nito. At heto nga Siya.

265 Sabi Niya, “Walang umakyat kundi Siya na bumaba, sa makatuwid baga’y ang Anak ng tao na ngayon ay nasa Langit.” Amen.

266 Sabi nila, “Kumain ang aming mga magulang ng manna sa ilang.”

“At sila’y patay na,” sabi Niya.

“At sinasabi Mo na Ikaw ang Tinapay ng Buhay?”

267 Sabi Niya, “Bago ipinanganak si Abraham, ay AKO NGA. Ako ang Tinapay ng Buhay. Ako ang AKO NGA.”

268 Sabi nila, “Wala Ka pang limampung taong gulang, at sinasabing Iyong ‘nakita si Abraham?’”

269 Sabi Niya, “Bago ipinanganak si Abraham, ay AKO NGA.” At pagkatapos ay hinayaang igapos Siya ng mga makasalanan, ang iglesyang makadenominasyon, iginapos Siya.

270 Alalahanin, sa huling panahon, itong mayamang iglesya sa Laodicea, kanilang pinalabas Siya, maging, sa iglesya. Nakita n’yo ba kung nasaan na Ito ngayon? Nakikita n’yo ba kung bakit ako sumisigaw laban sa sistemang iyon? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

²⁷¹ Bakit hinayaan ni Jesus na igapos Siya ng mga makasalanan? Ito’y upang isakatuparan ang Salita, magdala ng kadustaan sa Diyos, sa pag-aagaw-buhay. Kinailangang mamatay ang Diyos. Kinailangan Niyang maging tao, nang sa gayo’y mamatay. At batid iyon ni Jesus. Sinabi Niya sa kanila ang tungkol dito. Sabi Niya, “Gibain ninyo ang templong ito, at itatayo Ko itong muli.” Hindi iba ang magtatayo nito. “Itatayo Ko ito. Sa loob ng tatlong araw, ibabalik Ko itong muli. Gibain ninyo ito; itatayo Ko ito. Kung paanong si Jonas na napasa tiyan ng balyena, nang tatlong araw at gabi, ay gayon ding mapapasa ilalim ng lupa ang Anak ng tao.” At ni hindi nila iyon naunawaan. Kita n’yo? Isang kadustaan dahil sa Salita, Siya—Siya nga.

²⁷² Ngayon, kinutya hanggang kamatayan, upang bumangong muli sa Buhay na Walang Hanggan. Kinailangan muna Niyang mamatay, upang makabangon Siya sa Buhay na Walang Hanggan, at dalhin ang bawat nilalang (na nasa Kanyang kaanyuan) sa Buhay na Walang Hanggan, na tatanggap Dito. Kita n’yo? Naging tao Siya, naging isang kamag-anak na Manunubos, at kinailangang tiisin ang kadustaan ng lahat ng pangungutya, at lahat ng pagtatawa, gaya ng ginawang pagtitiis ng Kanyang mga kapwa lingkod na nauna sa Kanya. Gaya ni Moises, gaya ni Noe, gaya ng lahat ng iba pa sa kanila na tiniis ang pangungutyang iyon, kinailangan Niyang tiisin ang pangungutya. Bakit? Nasa Kanya ang Salita, at Siya ang Salita. Iyon ang dahilan kaya lalo nila Siyang kinutya nang higit kailanman. Siya ay Diyos at ang Salita Mismo. Aleluya! Iyon ang nagpaging ganoon sa Kanya.

²⁷³ Sinabi ni Jesus, “Kayong mga mapagpaimbabaw.” Sabi, “Itinatayo ninyo ang mga libingan ng mga propeta, at kayo ang siyang naglagay sa kanila doon. Pumarito sila na dala ang Salita ng Diyos, at hindi ninyo sila pinaniwalaan. May sala kayo sa bawat isa sa kanila.”

²⁷⁴ Sa Phoenix, kung loloobin ng Diyos, may natumbok akong isang salita noong isang araw. Isasakdal ko ang lahing ito dahil sa pagpatay kay Jesus Cristo, sa pagpako sa Kanya muli sa krus. Dadalhin ko ang pagsasakdal sa harap ng samahang iyon ng mga ministro, kung loloobin ng Diyos. Nagkasala sila sa Dugo ni Jesus Cristo, sa pagpapako sa Kanyang muli sa krus. Siyanga, po. Isasakdal ang lahat!

²⁷⁵ Isinakdal sila ni Pedro, sa Araw ng Pentecostes. Sabi niya, “Kayo sa pamamagitan ng masasamang kamay ay inyong ipinako sa krus ang Prinsipe ng Buhay, na Siyang ibinangon ng Diyos. Kami ang mga saksi.” Naghatid siya ng pagsasakdal.

²⁷⁶ Kukunin ko ang Salita ng Diyos, isasakdal ang bawat denominasyong mayroon, at bawat tao sa ibabaw ng lupa, na nagkasala sa Dugo ni Jesus Cristo. Tulungan nawa ako ng Diyos na maging Kanyang manananggol sa araw na iyon. Amen. Oo.

277 Oh, ginawa Siyang katatawanan ng mga mangungutya. Kanilang dinudusta Siya. Nanatili Siya Dito. Amen. Oh! Masdan ang Kanyang ginawa. Siya ang Anak ng Diyos, dumanas ng kamatayan nang sa gayo'y mapatay ang kasalanan. Kinailangan Niyang gawin iyon. Ang... Iyon ang tanging paraan upang mapatay ito. At ginawa Niya iyon, at tiniis iyon, sapagkat ganun din ang ginawa ng lahat ng iba pa sa kanila.

278 Dahil, lahat sila noon doon ay taglay ang maliit na bersiyon ng Salita ng Diyos. Sapagkat, sinabi nga ni Jesus. "Ang-ang Salita ng Panginoon ay dumating sa mga propeta. At sino ba sa kanila," sabi Niya, "ang hindi binato ng inyong mga magulang, ng inyong mga inorganisang relihiyon, at pinatay? Sino ba sa kanila ang tumanggap sa mga propeta? Saka ninyo itinatayo ang kanilang mga libingan matapos na mawala sila." Sabi, "Kayo ang may kasalanan sa paglalagay sa kanila doon."

279 Pagkatapos ay isinalaysay Niya sa kanila ang parabula tungkol sa ubasan na ipinagkatiwala, at dumating ang mga alipin. Trinato nila sila nang masama, hanggang sa wakas ay sinabi, "Ngayo'y papatayin natin ang anak, dahil siya ang tagapagmana." Kita n'yo? Oh, nagalit sila nang makita nila iyon. Kita n'yo?

280 Subalit kinailangan Niyang tiisin ang pagdusta. At naritong hinayaan Niya ang Kanyang Sarili na magapos, inakay sa kamatayan, upang mamatay, upang ibalik ang Buhay na Walang Hanggan. Luwalhati sa Diyos! O, gaano ko Siya iniibig! Ibalik ang Buhay na Walang Hanggan at ibangon ang bawat anak ng Diyos, sa mga nagdaang kapanahunan, na nanindigan para sa Salitang iyon at pinili ang kadustaan. Tama nga.

281 Kung hindi Siya dumating, hindi makababangon si Noe. Kung hindi Siya dumating, hindi makakabalik si Elias. Kung hindi Siya dumating, hindi na babangon pa si Noe. Kung... hindi niya magagawa, kung hindi Siya dumating. Dahil, Siya yaong itinalagang Kordero, na dumating upang akuin Niya ang kadustaan, at mamatay sa kamatayan para sa bawat Salita ng Diyos na sinalita, at pinanindigan ng mga matuwid na taong ito. Kinailangan Niya. Walang sino man ang makagagawa nito. Ang Diyos Mismo, at dumating Siya at kinuha ang puwesto, upang Kanyang matubos at maibigay ang Buhay na Walang Hanggan sa bawat anak ng Diyos na nanindigan para sa siya ring Salita at titiisin ang pagdusta. Bawat anak ng Diyos, sa mga nagdaang kapanahunan, na titiisin ang kadustaan, walang sinuman ang makatutubos sa kanya, subalit sa pamamagitan ng pananampalataya ay nakita niya ang Manunubos na iyon na paparating na.

282 Nakita Siya ni Job. Tumayo roon si Job, at sinabi nila, "Oh, isa kang lihim na makasalanan. Pinarurusahan ka lamang ng Diyos, dahil isa kang lihim na makasalanan."

283 Sabi niya, “Talastas ko na ang Manunubos sa akin ay buhay. Siya’y tatayo sa lupa sa mga huling araw. Bagama’t sirain man ng mga uod ang katawang ito, gayunman, makikita ko ang Diyos sa aking laman.”

284 Sinabi ng kanyang asawa, “Bakit hindi mo pa Siya sumpain at mamatay ka na?” Sabi, “Mukha kang isang miserableng tao.”

285 Sabi niya, “Nagsasalita kang parang isang hangal na babae.” Amen. Hayun na Siya. “Talastas kong Siya’y buhay, at tatayo Siya sa huling Araw.”

286 Kung hindi dumating si Jesus, hindi sana natubos si Job, sapagkat Siya ang Kordero na pinaslang bago pa man ang pagkatatag ng sanlibutan. Alam Niya ang Kanyang lugar. Alam Niya ang Kanyang posisyon.

287 Iyan ang dahilan, kaya nakilala ni Maria ang posisyong iyon, nang araw na iyon na lumabas siya doon. Sabi niya. . . “Kung ako. . . narito Ka lamang, hindi sana namatay ang aking kapatid.”

Sabi Niya, “Muling babangon ang iyong kapatid.”

Sabi, “Oo, Panginoon, sa muling pagkabuhay. Isa siyang mabuting bata.”

Sabi ni Jesus, “Ngunit AKO NGA ang muling pagkabuhay na iyon. Sinasampalatayanan mo ba ito?”

288 Sabi niya, “Oo, Panginoon, sumasampalataya ako na Ikaw nga ang Anak ng Diyos na paparito sa sanlibutan.”

Sabi Niya, “Saan ninyo siya inilibing?” Oh! Hayan na.

289 Nakilala niya ito. Hindi iyon sinasabi ng munting babaeng iyon. Mayroon siyang pitong demonyong pinalabas sa kanya. Alam niya ang kapangyarihan ng Diyos, na kayang mag-alis ng kapalaluan at kabigatan at lahat na, mula sa kanya, na makapag-aalis niyaong munting, makasariling mapagmataas na espiritu palabas sa kanya, at magagawa siyang isang bagong nilalang. Nagpalayas Siya ng pitong demonyo. Alam ng mga babaeng iyon kung ano Siya, na tumanggap sa Kanya.

290 Alam nila kung ano ang kaya Niyang gawin para sa kanila. Ganoon sila ngayon, din naman. Tanggapin lamang ito. Iyon ang susunod na mahalaga.

291 Hayun Siya. Sinabi niya iyon. At Siya. . . Alam n’yo na kung ano ang naganap. Oh!

292 Lahat ng maghihirap para sa siya ring Salita, namatay Siya para sa layuning iyon. Siya lamang ang Nag-iisa na maaaring mamatay, para gawin ito, sapagkat Siya ang Salita. Siya ang Salita, ang Salitang nahayag. Lahat ng iba pa ay nagkaroon ng kaunti, ngunit narito ang kapuspusan ng Diyos, na nasa Kanya. Nananatili pa rin Siyang gayon ngayon. Mga Hebreo 13:8, “Si

Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.”
Makinig.

293 Magtatapos na ako, talaga. Gagawin ko ito, kailangan lang talaga. Lagpas na ako sa oras.

294 Hindi Siya nagsulat ni isa mang salita. Siya nga ba? [Sinasabi ng kongregasyon, “Hindi.”—Pat.] Hindi nagsulat ni isang salita. Bakit? Siya ang Salita. Ano Siya? Ang Mga Salita na nasulat na, Siya ang kahayagan ng Salitang iyon. Luwalhati! Whew! Ngayo’y maganda na ang pakiramdam ko. Siya ang Salita. Hindi Niya kailangang magsulat ng anuman. Siya ang Salita. Ang isinulat na Salita Nito, na nahayag. Luwalhati sa Diyos! Siya ay siya ring ngayon, kahapon, ngayon at magpakailanman. Siya ang Salita, Salita na nahayag.

Sasabihin ninyo, “Tama ba iyon, Kapatid na Branham?”

295 Masdan si Jehovah na tumayo roon at humihip nang bahagya sa mga iyon na tila alon doon, at gumawa ng isang daan para lakaran ng Israel.

296 Masdan si Jehovah na nasa laman, sabi, “Pumayapa ka, tumahimik ka.” Noong hinahampas ng mga alon ang mga pampang, dahil sa unos, at hinahampas ng Diablo ang lahat ng bagay, na gaya niyon, sabi Niya, “Pumayapa ka, tumahimik ka.” At tumalima ito sa Kanya; ang mga hangin at lahat na. Siya si Jehovah. Amen.

297 Yaong Jehovah na makakatayo doon at magwiwisik ng kaunting hamog, hahayaan itong lumagpak sa lupa at maging tinapay, upang pakanin ang isang bayan.

298 Tumayo Siya at kumuha ng limang isda, o mga biskwit at dalawang isda, at pinakain ang limang libo.

299 Siya noon ang Salita. Amen. Amen. Siya’y ang Salita, at maging Siya ang Salita kailanman. At para sa akin at sa aking sambahayan, paglilingkuran namin ang Salita.

Oh, I want to see Him, want to look upon His
face,
There sing forever of His saving grace;
On the streets of Glory, let me lift my voice;
When cares all past, and home at last, ever to
rejoice.

300 Oh, naku! Oo. Tiisin ang kadustaan ng Salita. May kaakibat na kadustaan ang Salita. Manatili lamang sa Salita, at tiisin ang kadustaan.

Manalangin tayo.

301 Jesus, katulad noong isang gabi, Panginoon, na nanangis ako, “O Jesus, ano’ng ipagagawa Mo sa akin? Ano’ng magagawa ko, Panginoon? Na nakikita ang mga bagay na ito, at nalalaman

ang oras na kinabubuhayan namin, ano'ng magagawa ko, Panginoon? Ano pong magagawa ko?"

³⁰² Dumadalangin ako para sa aking munting iglesya dito, Panginoon. Naiisip ko ang munting mga ibon sa pangitain, ang mga bagay na nagdaan; at ang ibang mga ibon, na mga dakilang bagay. Subalit may tatlong bahagdan nila, Panginoon. Subalit nang pumasok na yaong mga Anghel, wala nang mga ibong natira. Naging kamangha-mangha ang mga munting mensahero, Panginoon, ngunit naniniwala ako na sadyang may isang bagay na napipintong maganap. Mangyari nawa iyon, Panginoon. Hubugin Mo po kami at gawin kami ayon sa pamamaraan Mo. Kami ang—kami ang putik. Ikaw ang Magpapalayok.

³⁰³ Sa gabing ito ng Pasko, Panginoon, nagpapasalamat kami para sa handog ng Diyos, para sa pagkakaloob sa amin ng Diyos. Bagama't ito'y isang, gaya ng paniniwala namin sa aming mga puso, isang pamahiing pagano tungkol sa isang araw na sinubukan nila itong ihulma at gawin itong tila isang—isang misa, misa ni Cristo, subalit hindi kami lumalapit sa paraang iyon ng Santa Claus at mga punong Pampasko at—at mga palamuti. Kundi dumudulog kami sa Pangalan ng Panginoong Jesus, upang sumamba sa Diyos ng Kalangitan, na nagkatawang-tao, laman na gaya namin, at nanahan sa aming kalagitnaan, upang tubusin kami; at naghirap sa kadustaan ng Pangalan, naghirap sa kadustaan ng krus, na hinayaan ang isang makasanlibutang pamahalaan na hatulan sa kamatayan si Emmanuel, nang sa gayo'y madala Niya kami sa Buhay na Walang Hanggan.

³⁰⁴ Sino po ba kami, Panginoon? Sino po ba kami, upang umiwas sa anumang pagdusta? Diyos, gawin Mo po kaming magigiting na mandirigma. Itinatagubilin ko po ang mga salitang ito sa Iyo, Ama. Sila marahil ay pinanghihinaan na ng loob; pagod na at nahahapong gaya ko. Ngunit, Ama, gantimpalaan Mo po ang mga taong ito sa kanilang pag-upo at pakikinig. At ang kapangyarihan nawa na nagbangon sa aming Panginoon, at ipinakilala Siya sa amin dito bilang isang Tagapagligtas, sa huling mga araw na ito, gisingin nawa nito ang bawat espiritung narito, Panginoon, sa malapit nang Pagparito ng Panginoong Jesus. Maging gayon nawa ito, Ama.

³⁰⁵ Pagalingin Mo po ang mga may sakit at karamdaman na nasa gitna namin. Pagalingin po ang mga bagbag na puso. Panginoon, kami'y. . . Napakarami na naming pinagdaanan, at napakarami nang pilat ang puso ko, Panginoon, mula sa matitinding mga pakikibaka. Matanda na akong beterano. Tulungan Mo ako, Panginoon. Kailangan ko po ang Iyong tulong. Lahat marahil ng pagsasanay na ito ay para sa isang layunin. Nagtitiwala akong ganong ito, Panginoon. Tulungan ako, O Diyos. At tulungan Mo ang iglesyang ito. At pagpalain kami, nang sama-sama.

³⁰⁶ Pagpalain Mo ang mumunting mga bata. Iniisip ko ang marami ngayon, maliliit, na kawawang mga munting nilalang na wala man lamang matatanggap na anuman doon sa labas. At ako—dumadalangin ako na Ikaw po ay papasa kanila at tutulungan sila. Bigyan sila ng Buhay na Walang Hanggan, Panginoon. Iyon ang dakila. Iyon ang Pamaskong Handog na nais namin, ay ang Buhay ni Jesus Cristo na mamuno at maghari sa aking puso. Iyon ang nais ko, Panginoon.

³⁰⁷ Pagpalain po kami, nang sama-sama ngayon. Itinatagubilin namin ang Mga Salitang ito sa Iyo. Hayaan silang mahulog saan mang dako na mahulog ang mga ito, Panginoon. Saan man na talagang bukas ang mga puso, maghatid nawa ang mga ito ng isang dakilang pagkakataon ng kaligtasan, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

³⁰⁸ Maging sino. . . Ilan ang nagmamahal sa Kanya? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] May pinagmamadalian, kahit paano? Oh, mahal ko Siya! Mahal ko Siya. “Panginoon, ano po ang ipagagawa Mo sa akin?”

³⁰⁹ Huwag kalilimutan ang mga gawain mamayang gabi. Alam n’yo na kung ano ang ibig sabihin ng Pasko ngayon? Oh, *Ito* ang aking Pamaskong handog. *Ito* ang Salitang iyon. Panginoon, kung mahahayaan ko lamang ang aking sarili, kung magagawa ko lamang alisin sa landas ang aking sarili upang maihayag Ito ng Iyong Salita, ang Sarili Nito *dito*, ’yun ang—’yun ang pinakadakilang bagay na nalalaman ko.

³¹⁰ Ngayon sa tingin ko’y may ilang mga bagay sila na nais ipamigay sa mga bata. Ngayon ay ibibigay ko nang muli ang gawain kay Kapatid na Neville. Pagpalain kayo ng Diyos.

Kapatid na Neville.



ANG KADUSTAAN PARA SA KAPAKANAN NG SALITA TAG62-1223
(The Reproach For The Cause Of The Word)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Disyembre 23, 1962, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2012 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org